

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

ANG
Bayan



Tomo XXIX Bilang 2

Edisyong Pilipino

Marso-Abril 1999

Editorial

Paghandaan at labanan ang mas maigting pang mga opensibang militar at panunupil pagkatapos palayain ang mga bihag sa digmaan



Pagkatapos ng serye ng ligtas na pagpapalaya kina Heneral Obillo, Kapitan Montealto, Chief Insp. Bernal at Sarhento Lozada, hindi na mapasusubalian ang kakayahan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na bumihag at mangalaga sa mga bihag sa digmaan na matataas na upisyal ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) sa kabila ng malakihang pagtatambak ng pwersa at malawakang opensibang militar ng AFP at pulisya. Malinaw ding napatunayan ang pagiging bukas ng isip at pleksibilidad ng National Democratic Front of the Philippines (Pambansang Demokratikong Prente ng

Pilipinas o NDFP) sa pagtugon sa inisyatiba at kabutihang-loob ng mga pribadong grupo ng mga obispo at prominenteng tao—habang matatag na nilalabanan at binibigo ang namamayagpag na kahambugan, mga pagbabanta, mga paghadlang, mga sapilitang paghingi ng pagsuko, at lahat ng tipikal na estilong sanggano ng rehimeng Estrada.

Maging si Sarhento Demol, ang espinyang nabihag ng BHB sa Timog Katagalugan, ay pinalaya na rin ng BHB. Matagal siyang pinabayaan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at AFP, pagkaraang gamitin sa maraming taon sa paniniktik at pananabotahe sa rebolusyonaryong kilusan. Mas masahol pa, matagal na inantala ng walang tigil at malawakang mga opensibang militar sa Rizal, Laguna at Quezon ang kanyang paglaya

kahit mayroon nang komitment dito ang NDFP.

Sa anu't anuman, ang pagpapalaya ng NDFP sa mga bihag nito sa digmaan ay lalong nagpapatampok sa usapin ng negosasyong pangkapayapaan, at sa mga kagyat at matagalang isyung mahigpit na kunektado rito.

Pangunahin sa mga kagyat na isyu ang paglabag ng GRP sa JASIG (Magkasamang Kasunduan sa mga Garantiya sa Kaligtasan at Imunidad) at iba pang kasunduan ng dalawang panig, ang pagpapatupad sa CARHRIHL (Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-Tao at sa Internasyunal na Makataong Batas) na aprubado na kapwa ng GRP at NDFP. Patuloy ang pagtalikod ng GRP sa responsibilidad nitong palayain ang mga bilanggong pulitikal at bigyan-kumpensasyon ang mga biktima ng mga pag-abuso ng diktadurang Marcos sa mga karapatang-tao. Patuloy ding dumarami ang mga kaso ng pagpatay nang walang paglilitis, mga pagdukot, tortyur, mga blokeyo sa pagkain, pambobomba at pwersahang ebakwasyon ng masa.

Ang matagalang mga isyu naman ay ang mga repormang sosyo-ekonomiko at mga reporma sa pulitika at konstitusyon na bumubuo ng substantibong adyenda ng negosasyong pangkapayapaan.

Sa kabila ng mga pangako ng rehimeng Estrada, nananatiling madilim ang hinaharap ng negosasyong pangkapayapaan dahil hindi lamang nagawang sirain ng rehimen sa loob ng kalahating taon ang lahat ng bunga ng nakaraang anim na taon ng mahirap at masalimuot na negosasyong pangkapayapaan ng GRP at NDFP. Hindi ito tumitigil sa pagwasak sa anumang batayan ng pagpapatuloy ng negosasyong pangkapayapaan.

Kahit bago pa binihag sina Heneral Obillo at Kapitan Montealto, ang usapang pangkapayapaan ay halos pinatay na ng GRP sa ilalim ng rehimeng Estrada sa pamamagitan ng pagpaparating ng sumusunod na malinaw na mga mensahe sa NDFP :

- na ang Magkasamang Deklarasyon sa The Hague ay dapat ibasura at palitan ng balangkas ng pagsuko at

pagkriminalisa ng NDFP sa sarili;

- na ang JASIG, sa halip na pinagkasunduang mga garantiya, ay lista ng mga pabor ng GRP sa NDFP at ang mga ito ay maaaring isuspinde o ibasura ayon sa kapritso ng GRP at higit pa, na ang probisyon sa nyutral na lugar ng negosasyon sa ibayong-dagat ay wala nang bisa at ang mga pormal na pagpupulong sa negosasyong pangkapayapaan ay dapat gawin sa Maynila na tiyak na ipaiilalim sa pagmamanman at kagustuhan ng GRP tulad noong 1986 at 1987;

- na ang CARHRIHL ay walang bisa at di pwedeng ipatupad liban kung papasok ang NDFP sa balangkas ng pagsuko at pagkriminalisa sa sarili at ang GRP ay pwedeng gumawa ng anumang gusto nito para labagin ang mga probisyon ng mga kasunduan ng dalawang panig.

Labag sa CARHRIHL, ang GRP sa ilalim ng rehimeng Estrada ay nagpapatupad ng patakaran ng pagpatay nang walang paglilitis, pagdukot, pagtortyur, pagblokeyo sa pagkain, pambobomba at pwersahang ebakwasyon ng masa. Ang mga lansakang paglabag na ito sa mga karapatang-tao ay mga lansakang paglabag din sa internasyunal na makataong batas (Kumbensyon ng Geneva at mga *protocol* nito), na ipinatutupad ng NDFP, tulad ng ipinakikita ng paggalang ng NDFP sa mga karapatan at makataong pakikitungo sa mga bihag nito sa digmaan.

Dagdag pang labag sa CARHRIHL, ang GRP ay tumatangging alisin ang mga mapanupil na dekreto, batas, patakaran at kampanya na lumalapastangan sa mga karapatang-tao at nagtutulak pa nga ng higit na lehislasyon para pasahulin pa ang mga ito. Kinakasangkapan nito ang pagpapalaya ng mga bilanggong pulitikal sa pakikipagtawaran at nakikipagsabwatan ito sa mga Marcos para lokohin ang mga biktima ng mga paglabag ng rehimeng Marcos sa mga karapatang-tao.

Gustong amyendahan o palitan ng GRP ang kasalukuyang konstitusyon upang alisin ang mga probisyon na itinuturing nitong hadlang sa patakaran ng panunupil at upang pahintulutan ang paglapastangan sa bawat aspeto ng pambansang soberanya, gaya ng mga batas na nagbebenta sa pamana at ekonomya ng bansa at tratado sa “bumibisitang” mga dayuhang pwersang militar.

Nagwawalambahala ang GRP sa mga reklamo ng NDFP tungkol sa kasalukuyang mga paglabag sa mga karapatang-tao at tumatanggi itong tumalima sa mga obligasyon nito sa ilalim ng CARHRIHL at makipag-usap tungkol sa malawak na hanay ng mga isyung saklaw ng kasunduang ito, kabilang na ang isyu ng mga bihag sa digmaan.

Sa halip na makipagnegosasyon tungkol sa batayang pulitikal at ligtas na paraan ng pagpapalaya kina Heneral ►


NILALAMAN

Editorial	1
Karapatan ng mga bihag sa digmaan	3
Mensahe sa ika-30 anibersaryo ng BHB.....	5
Pananaig sa konserbatismo	7
Pagtalikod sa reaksyon.....	10
Panunupil sa Texas Instruments	11
Ang ICMLPO	15
Usapin ng pagkakaisa at mga kontra.....	18
Imperyalistang pananalakay sa Balkan.....	21
Itigil ang pananalakayng US at NATO.....	24
Balita.....	25

Paggalang sa Karapatan ng mga Bihag sa Digmaan

Nasaksihan ng mamamayan at ng mismong mga bihag sa digmaan (*prisoners of war* o POWs) ang matibay na paninindigan ng rebolusyonaryong kilusan sa komitment nitong igawad ang rebolusyonaryong hustisya. Para sa mga bihag sa digmaan, ang makataong pagtrato at pagpapalaya sa kanila ay buhay na halimbawa ng rebolusyonaryong katarungan. Mula nang sila'y madakip hanggang sa sila'y palayain, nasaksihan ng mga bihag sa digmaan ang matapat na pagtalima ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga alituntunin ng demokratikong gubyernong bayan at BHB at sa mga pandaigdigang batas sa digmaan.

Sa mga sunud-sunod na taktikal na opensiba ng BHB nadakip ang mga bihag sa digmaan. Binabasag nito



ang ilusyon at propaganda ng mga nagdaan at kasalukuyang rehimen, na ang rebolusyonaryong pwersa ay nadurog na o estratehiko nang nagapi.

Minaliit ng rehimen ang kakayahan ng BHB na maglunsad ng mga labanan. Ngunit ang mga nailunsad na mga opensiba ng BHB mula 1997 ay nagdulot ng malaking kahihiyan sa gubyerno. Dahil dito, ipinihit ng rehimen Estrada ang propaganda nito sa pagbansag sa mga ▶

◀ Obillo at Kapitan Montealto, ang pagkakabihag ng mga nasabing upisyal militar sa nagpapatuloy na digmaan ng GRP at mga rebolusyonaryong pwersa ay ginagamit na katwiran ng GRP para labagin ang JASIG at ang CARHRIHL at sirain ang Magkasamang Deklarasyon sa The Hague sa pamamagitan ng sapilitang paghingi ng pagsuko ng NDFP.

Bilang bahagi ng patakaran ng GRP na talikuran ang negosasyong pangkapayapaan at labagin ang CARHRIHL, itinuturing nitong karaniwang krimen ang bawat aksyon ng Bagong Hukbong Bayan na kung tutuusi'y lehitimo sa mata ng batas sa armadong labanan. Pinalilitaw ng GRP na ang mga rebolusyonaryo, kabilang ang mga negosyador at konsultant ng NDFP sa negosasyong pangkapayapaan, ay mga kriminal na kasapakat at ginagantihan ang mga bilanggong pulitikal sa pamamagitan ng walang-matwid na pagpapatagal sa kanilang pagkakabilanggo.

Ang GRP sa ilalim ng rehimen Estrada ay lubos na walang intensyong bumalik sa pormal na pakikipagharap sa negosasyong pangkapayapaan ng GRP at NDFP. Kung hindi nito magawang makipag-usap sa NDFP tungkol sa relatibong menor na usapin gaya ng isyu ng ilang bihag sa digmaan, hindi nito magagawang makipag-usap tungkol sa mas malalaking isyu ng substantibong adyenda ng negosasyong pangkapayapaan.

Kita ng lahat ng bukas ang mata na ang GRP, laluna sa ilalim ng rehimen Estrada, ay walang interes sa

seryosong negosasyong pangkapayapaan para lutasin ang mga ugat ng digmaang sibil. Paghahabol lamang ng pagpapasuko at pasipikasyon ng rebolusyonaryong mamamayan at pwersa ang tanging interes nito. Ipinangangalandakan ng rehimen Estrada ang pagkahaling nito sa solusyong militar at paghamak sa pakikipagnegosasyon sa NDFP.

Pinalaya ng NDFP ang mga bihag nito sa digmaan ayon sa sariling mga kundisyon ng rebolusyonaryong kilusan, bilang pagpapatupad ng demokratikong pampulitikang kapangyarihan at awtoridad, at alinsunod sa Internasyunal na Makataong Batas. Kaalinsabay, ang rebolusyonaryong mamamayan at pwersa ay lubos na nakahandang isulong ang lahat ng anyo ng paglaban sa rehimen Estrada na ganap nang napatunayang rehimen ng pinakamasahol na mga pampulitikang tagapagmana ng diktadurang Marcos.

Walang kabuluhan ang anumang pangako ng rehimen Estrada na ipagpatuloy ang negosasyong pangkapayapaan ng GRP at NDFP dahil nilabag na nito, patuloy na nilalabag at tiyak na patuloy pang lalabagin ang taimtim na mga kasunduang bilateral sa pagitan ng GRP at NDFP. Pagkatapos ng pagpapalaya sa mga bihag sa digmaan, dapat magmatyag at maghanda sa mas maigting at mas malakihan pang opensibang militar at panunupil ng rehimen Estrada. Dapat lalong pag-ibayuhin ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan ang lahat ng anyo ng paglaban sa iba't ibang larangan. ■

nakaraang taktikal na opensiba ng hukbong bayan bilang mga simpleng kasong kriminal at ang pagbihag sa mga upisyal ng militar at pulisya bilang mga kaso ng “pangingidnap”.

Dinakip ng BHB-Melito Glor Command ng Timog Katagalugan si Army T/Sgt. Wivino Demol noong Pebrero 9, 1998 sa Rodriguez, Rizal. Isa siyang upisyal sa paniktik ng 16th Intelligence Unit ng Philippine Army—ang yunit na responsable sa pagkakadakis kay Kasamang Danilo Borjal, konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas o NDFP) sa usapang pangkapayapaan. Isa siyang espiya at gawain din niyang magtanim ng mga ahente sa hanay ng mga rebolusyonaryong pwera, partikular sa BHB.

Inaresto naman sina Army Brig. Gen. Victor Obillo at Capt. Eduardo Montealto noong Pebrero 17 sa Brgy. Carmen, Baguio, Lunsod ng Davao. Si Heneral Obillo ay kumander ng 55th Engineering Brigade ng Philippine Army samantalang si Kapitan Montealto ay upisyal sa lohistika ng brigada. Dinakip sila ng Merardo Arce Command dahil sa mga kontra-rebolusyonaryong aktibidad nila sa Davao.

Apat na araw matapos arestuhin ang dalawang upisyal militar, nahulog naman sa kamay ng Santos Binamira Command (BHB-Sorsogon) si Chief Insp. Roberto Bernal. Siya ay upisyal sa paniktik ng Philippine National Police. Nitong Marso 5, nadakis naman ng BHB-Pulang Diwata Command si Sgt. Alipio Lozada sa Lianga, Surigao del Sur.

Lahat ng mga bihag sa digmaan ay may mga kaso ng kontra-rebolusyonaryong aktibidad laban sa pambansa-demokratikong kilusan. Malala pa, apat sa limang bihag ay may kinalaman sa pang-eespiya—isang krimeng nangangahulugan ng mabigat na kaparusahan sa rebolusyonaryong kilusan at ginagawaran ng parusang kamatayan batay sa mga pandaigdigang alintuntunin sa digmaan.

Patakarang rebolusyonaryong kilusan ang makatao at maluwag na pagtrato sa mga POW at sa paggalang sa wastong proseso sa paglilitis ng mga krimen. Ito ay eksaktong kabaligtaran ng gawi ng reaksyunaryong estado. Iginalang ang kanilang mga batayang karapatan na isa nang mahabang tradisyong itinataguyod ng Partido, BHB at ng NDFP sa usapin ng pangangalaga sa mga POW.

Inutil ang rehimeng US-Estrada sa pagharap sa usapin ng mga bihag sa digmaan. Sa halip na gumawa ng mga kongkretoong hakbang upang ipakita ang kaseryosohan nitong

harapin ang usapin, nag-pakalulong ito sa propaganda at pag-atake sa Partido, BHB at sa NDFP sa midya. Naging abala si Joseph “Rambotete” Estrada, aktor ng pelikula, sa pagpapa-macho na walang pinatunayan kundi ang

kanyang pagkaignorante at kawalang-responsibilidad sa prosesong pangkapayapaan. Arbitrayo nitong sinuspinde ang usapang pangkapayapaan at nag-astang hindi makikipagnegosasyon para sa pagpapalaya ng mga bihag. Sa katunayan, naganap ang negosasyon sa pamamagitan ng mga *third party*.

Nangailangang kumilos ang mga progresibong indibidwal at organisasyon upang tumulong sa pagpapalaya sa mga bihag. Sa isang makataong misyon, nakipag-usap sa *negotiating panel* ng NDFP ang grupo nina Archbishop Fernando Capalla. Tumulong din si Senador Legarda at iba pang personahe ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas. Nagkaroon ng serye ng negosasyon na humantong sa pagkakaroon ng *memorandum of agreement* (MOA) nitong Marso 17.

Nilaman ng MOA ang ligtas na kondukta sa pagpapalaya sa mga bihag bilang magkatugong responsibilidad ng NDFP at GRP. Malinaw na nakasaad sa memorandum ang pangangailangang alisin ang mga tropang militar at pulis sa mga teritoryo ng NDFP kung saan maaaring isagawa ang aktwal na pagpapalaya sa mga bihag. Batay pa rin sa kasunduan, kailangang suspindihin ng militar at pulis ang mga opensibang operasyon sa saklaw na teritoryo ng NDFP mula Marso 22 hanggang Abril 19—ang panahon na inilaan sa pagpapalaya.

Bunga nito at ng malawak na pagbatikos ng publiko sa kanyang pagmamatigas, napilitan si Estradang magdeklara ng SOMO (*suspension of offensive military operations*) mula Marso 28 hanggang Abril 19.

Pero tulad ng malaon nang gawi ng GRP, nilabag din nito ang sariling SOMO. Hanggang Abril 1, patuloy ang deployment ng tropa at mga operasyong militar sa Davao del Norte, North Cotabato at Bukidnon sa kabila ng anunsyo ni Estrada. Malala pa, ang pagkabalam ng pagpapalaya kay T/Sgt. Wivino Demol, na dapat sana’y palalayain bago mag-Abril 19, ay bunga rin ng patuloy na operasyong militar sa buong Timog Katagalugan. Ito’y sa kabila ng pagtukoy ni Kasamang Gregorio “Ka Roger” Rosal, Tagapagsalita ng Partido, na alinman sa Rizal, Laguna o Quezon isasagawa ang pagpapalaya sa bihag.

Malinaw ang batayan ng NDFP sa pagpapalaya. Ang pagbibigay ng gabay ng *negotiating panel* sa proseso ng pagpapalaya sa mga bihag ay alinsunod sa awtoridad na ipinagkaloob ng Pambansang Konseho ng NDFP. Naaayon ito sa




mga batas at proseso ng Demokratikong Pamahalaang Bayan. Isinagawa rin ito bilang pagtalima sa Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-tao at sa Internasyunal na Makataong Batas at sa Unilateral na Deklarasyon ng NDFP sa Pagpapatupad ng mga Kumbensyon ng Geneva at Protocol I.

Ang paggagawad ng amnestiya laluna sa mga bihag na napatunayang may salang pang-eespiya sa hukumang bayan ay ibayong nagtataas sa katayuang moral ng NDF. Ito ay pagpapakita ng hustisya at kabutihang-loob sa okasyon ng ika-30 anibersaryo ng Partido at BHB. Ito ang positibong tugon ng NDFP sa malawak na apila ng mga partido at personaheng may mabuting intensyon para sa unilateral at pinagkasunduang pagpapalaya (*negotiated release*) sa mga nasabing bihag.

Litaw sa usapin ng pagkahuli at pagpapalaya sa bihag sa digmaan ang nagtutunggaling makauring paninindigan ng NDFP at GRP. Inililina nito sa Partido ang pangangailangang pag-ibayuhin nito ang pagsisikap sa rebolusyonaryong pamumuno at sa Bagong Hukbong Bayan para sa pagpapaigting ng digmang bayan.

Nakataas ang kamao ni Major Bernal nang humarap siya sa masmidya sa panahon ng kanyang paglaya. Samantala, humingi ng kapatawaran si Army T/Sgt. Wivino Demol sa mamamayan at sa rebolusyonaryong kilusan sa mga kasalanang ginawa niya. Aniya: "...hindi na ako muling pagagamit sa mga militar."

Karanasan ang nagturo sa mga naging bihag ng BHB kung aling panig sa digmaan ang makatarungan. 

Sa okasyon ng ika-30 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan



"Labanan ang kaaway hanggang sa tagumpay ng bagong demokratikong rebolusyon!"

*Mula sa mensahe ni Armando Liwanag,
Tagapangulo ng Komite Sentral ng
Partido Komunista ng Pilipinas*

Marso 29, 1999. Sa 81 larangang gerilya sa buong Pilipinas at maging sa kalunsuran at ibayong dagat, dumagundong ang di magagaping diwa ng Bagong Hukbong Bayan sa araw ng ika-30 anibersaryo ng pagkakatatag nito. Muling pinagtibay ang kapasyahang ipagtagumpay ang laban ng masang anakpawis para sa tunay na paglaya sa saklot ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Inilarawan sa pamamagitan ng mga kultural na pagtatanghal, mga eksibisyong militar, mga talakayan at pag-aaral, ang natipong lakas sa loob ng 30 taon ng armadong pakikibaka na nakabatay sa papalawak at papalalim na baseng masa.

Sa pahayag ni Armando Liwanag, Tagapangulo ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), binigyang-pugay niya ang lahat ng Pulang kumander at mandirigma dahil sa malalaking tagumpay na natamo ng BHB sa magiting nitong pakikibaka para sa mga karapatan, interes at adhikaing pambansa at demokratiko ng sambayanang Pilipino.

"Tiyak na ang lugar nito sa kasaysayan ng Pilipinas," wika ni Kasamang Armando Liwanag hinggil sa BHB bilang pangunahing sandata ng Partido at mamamayang Pilipino sa paglulunsad ng pangunahing anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka, ang armadong pakikibaka. Nahigtan na ng Bagong Hukbong Bayan ang lahat ng armadong pakikibaka na inilunsad sa nakaraang sandaang taon—ng Hukbong Bayan Laban sa Hapon (Hukbalahap) at Hukbong Mapagpalaya ng Bayan (HMB)—para sa pambansang paglaya, maging laban man sa mga

Sagisag ng Bagong Hukbong Bayan



Nilabas ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral ng Partido ang upisyal na sagisag ng Bagong Hukbong Bayan sa okasyon ng ika-30 anibersaryo ng BHB.

Ang sagisag na may pulang bakgrawnd ay kinatatampukan ng ripleng AK at sibat sa gitna ng tatsulok. Kinakatawan ng AK at sibat, di lamang ang sandatahang paglaban, kundi pati ang pagkukumbina ng mga abante at katutubong kagamitan sa digma na tatak ng armadong paglaban ng mamamayan. Ang tatsulok ay kumakatawan sa pagsusulong ng armadong pakikibaka, ng rebolusyong agraryo at sa pagbubuo ng baseng masa na siyang saligang mga tungkulin ng BHB.

May gintong tala sa bawat kanto ng tatsulok na sumasagisag sa Luzon, Visayas at Mindanao. Ipinahihiwatig nito ang pambansang saklaw ng armadong rebolusyon at sinasagisag ang ginintuang hangarin ng mamamayan para sa pambansa at panlipunang pagpapalaya.

Upang katawanin ang absolutong pamumuno ng PKP sa hukbo, ang sagisag ng BHB ay itinatanghal kasabay ng sagisag ng Partido. **AB**

kolonyalista o sa imperyalismong US at mga lokal na reaksyunaryo. Naisagawa ito ng BHB sa pamamagitan ng paglulunsad ng matagalang digmang bayan, alinsunod sa linya ng bagong-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba. Sa lakas na natamo na ng BHB, paulit-ulit na napabubulaanan ang propaganda ng kaaway na palusaw na ang hukbo ng mamamayan.

Nakatitiyak ang BHB sa patuloy na pagsulong hanggang tagumpay: Mula sa halos wala noong Marso 29, 1969, nakapagtipon ito ng makabuluhang lakas. Matatag nitong hinarap ang matinding teror ng pasistang diktadurang Marcos, nagtamo ng mga tagumpay sa pulitika at militar at nagpursige sa masinsin na pakikidigmang gerilyang nakabatay sa papalawak at papalalim na rebolusyonaryong baseng masa. Napangingibabawan nito ang mabibigat na disbentahe at sumusulong ito mula tagumpay tungo sa ibayong tagumpay.

Subalit nagpaalala rin si Kasamang Armando Liwanag na sa kabila ng maniningning na tagumpay ng BHB, dapat pa rin nitong isaisip ang mga sakripisyo, puspusang paggawa at maigting na pakikibakang kapalit ng mga tagumpay. Gayundin, hindi dapat maging kampaante at magkasya sa mga tagumpay, bagkus ay maging mapagmatyag at militante hangga't nananatiling nakatindig ang reaksyunaryong estado.

Inihanay sa pahayag ang mga mapanlabang tungkuling alinsunod sa sentral na layunin ng hukbong bayan na wasakin ang kontra-rebolusyonaryong estado ng malalaking kumprador burgesya at uring panginoong maylupa at ang pagbigay-kakayahan sa uring

manggagawa at uring magsasaka na itatag ang demokratikong estadong bayan. Idiniin ni Kasamang Armando Liwanag na ito ang pinakamahusay na mapaglalaanan ng lakas ng rebolusyonaryong pwersa. Tuluy-tuloy na nahihiwalay ang reaksyunaryong rehimeng Estrada sa malawak na mamamayan bunga ng pangangayupapa nito sa kanyang imperyalistang amo na nagdudulot ng brutal na kapinsalaan sa mamamayang Pilipino. Ibayo pa itong nahihiwalay sa patuloy nitong pagmamaliit sa rebolusyon, pagmamataas upang pagtakpan ang kahihiyan sa pag-aresto ng BHB sa matataas na upisyal militar nito at pagwawakas sa usapang pangkapayapaan.

Ang patuloy at lumalalang krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino ay nagdudulot ng napakapaborableng kalagayan para sa ibayong pagsulong ng digmang bayan. Gayundin, ang walang katulad na krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista mula noong dekada '30 ay nagtutulak sa proletaryado at mamamayan sa mga kolonya, malakolonya at maging sa mga industriyalisadong bansa, na magkaisa at armadong labanan ang imperyalismo, modernong rebisyunismo at lahat ng tipo ng reaksyon.

Bilang pagwawakas, idineklara ni Kasamang Armando Liwanag na: "Ngayon at sa hinaharap, ang rebolusyong Pilipino ay hindi lamang para makamit ang pambansa at panlipunang pagpapalaya ng sambayanang Pilipino kundi para rin mag-ambag sa pagsulong ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon at malawak na anti-imperyalistang pakikibaka ng mamamayan ng daigdig." **AB**



Pananaig sa konserbatismo at pagsusulong ng armadong pakikibaka sa Gitnang Kabisayaan

Ang inilunsad na matatagumpay na taktikal na opensiba at iba pang aksyong militar ay bunga ng puspusang pagwawasto sa mga kamalian at paglihis sa nakaraan, masikhay na gawaing masa at masigasig na pagsusulong ng mga kampanyang masa sa kanayunan. Bunga rin ito ng mahusay na pagtangan sa mga aral na halaw sa karanasan sa mga unang taon ng paglulunsad ng kilusang pagwawasto sa rehiyon—sa partikular, ang pagwawasto at mga aral ng Partido at BHB kaugnay ng konserbatismo sa pagsusulong ng armadong pakikibaka.


Noong nakaraang taon, iniulat ng **AB** ang matagumpay na pagreyd ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa munisipyo ng Batuan, Bohol noong Hunyo 27 at ang matagumpay na pagpaparusa noong Oktubre 1998 kay Chief Insp. Ruel Lagala, isang pusakal na upisyal ng Philippine National Police sa Tagbilaran, Bohol. Ang mga ito ay tampok na halimbawa ng iba't ibang tipo ng aksyong gerilya na isinagawa ng BHB sa rehiyon upang ipatupad ang mga batas at patakaran ng demokratikong gubyernong bayan at isulong ang pakikidigmang gerilya. Sa bawat pagkakataon, mulat na sinisikap na abutin ang mga layunin sa pulitika at militar, patuloy na patatagin ang baseng masa at palawakin ang suporta at simpatyang tinatamasa ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon.

Konserbatismo sa paglulunsad ng taktikal na opensiba

Nang ilunsad ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto sa rehiyon, wastong binigyang-diin ng rebolusyonaryong kilusan ang gawaing masa upang ituwid ang sobrang pagpapabaya rito noong panahon ng “regularisasyon” at militarismo.

Ngunit lumitaw ang tendensyang maging makaisang panig ang gayong pagbibigay-diin at ganap na nabitiwan sa mahaba-habang panahon ang tungkuling maglunsad ng mga taktikal na opensiba. Hindi wastong napanghawakan ang relasyon ng pagtatayo ng baseng masa at paglulunsad ng mga taktikal na opensibang kayang ipagwagi, gayundin ang iba pang sekundaryo ngunit mahahalaga at sa katunaya’y esensyal na mga tungkulin sa kasalukuyang yugto.

Sa loob ng tatlong taon (1993-96), iniwasan ng BHB sa rehiyon na maglunsad ng mga taktikal na opensiba kahit iyong kayang maipagwagi batay sa kakayahan ng



Rehiyon ng Gitnang Kabisayaan

hukbong bayan at kahandaan ng baseng masa. Lumaganap sa hanay ng mga rebolusyonaryong pwersa ang maling pananaw na “mawawasak ang ating baseng masa kung maglulunsad tayo ng taktikal na opensiba”. Kaya napalampas ang maraming pagkakataon.

Sa pananaw na ito, malaki ang impluwensya ng maling pagsusuri sa

ilang matinkad na karanasan noong pag-uumpisa ng armadong pakikibaka sa rehiyon at gayundin noong namayani ang malulubhang disoryentasyon at pag-atras bandang gitna at huling bahagi ng dekada '80. Isa sa pinakatampok ay ang karanasan sa pagkawasak ng organisasyon ng Partido sa distrito bunga ng matinding pananalakay ng kaaway pagkatapos ng taktikal na opensibang isinagawa sa Carmen, Bohol noong 1985.

Noong mga unang taon ng kilusang pagwawasto, lumakas ang tendensyang maliitin ang kakayahan ng rebolusyonaryong kilusan at sobrang palakihin naman ang kakayahan ng kaaway. Dulot ito ng makaisang panig na pagsaalang-alang sa lubhang pagliit ng Partido, hukbong bayan at baseng masa bunga ng matitinding disoryentasyon. Dahil dito, may mga kasamang lumakas ang pagdududa sa antas-antas na muling pagsulong at paglakas ng rebolusyonaryong kilusan. Nagdalawang-isip sila sa kakayahan ng kilusan na paunlarin ang demokratikong kapangyarihang pampulitika at pairalin ang mga patakaran nito sa mga larangang gerilya—sa relatibong menor na mga usapin at limitadong saklaw sa simula at sa kalaunan, sa mga mayor na usapin at sa papalawak na saklaw—habang antas-antas na pinahihina at pinaatras ang kaaway.

Ngunit sa kabila ng pag-iwas ng BHB sa mga labanan, hindi tumigil ang mga operasyong militar ng AFP at PNP. Tuluy-tuloy at paulit-ulit na sinalakay ng reaksyunaryong militar at pulisya kapwa ang matatatag na larangang gerilya at mga lugar na binabawi. Ilang beses na tinamaan ang mga sandatahang yunit pampropaganda. Ilang Pulang mandirigma ang nasawi. Naging mabagal ang paglawak ng baseng masa at nabawasan pa ito noong 1996.

Dumanas ng iba't ibang suliranin at balakid ang mga rebolusyonaryong pwersa sa pagpapatupad ng kilusang

pagwawasto sa taong iyon, kabilang na ang suliranin ng wastong paglulugar ng mga taktikal na opensibang kayang ipagtagumpay.

Samantala, ang rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa ay nagpapakita na ng mga makabuluhang pagsulong. Unti-unti na muling lumalakas ang BHB, at pansin na kahit ng kaaway ang pagpihit ng direksyon at pagbago sa moda ng pagkilos ng mga yunit nito. Masigla nang naglulunsad ng mga taktikal na opensiba ang ilang rehiyon at sa pangkabuuan, unti-unti nang napapanday ang batayan para mas paigtingin ang pakikidigmang gerilya.

Mga aral sa taktikang gerilya

Sa Ikalawang Rehiyunal na Kumperensya ng Partido sa Gitnang Kabisayaan, wastong pinuna ang konserbatismo at nilinaw ang halaga at pangangailangan ng mga taktikal na opensiba bilang pinakamahalagang nilalaman ng estratehikong dependsiba.

Nilinaw na kinakailangan ang mga taktikal na opensiba sa isang matagalang digmang bayan upang maagaw sa kaaway ang lokal na inisyatiba sa digma at hakbang-hakbang na pahinain ang kanyang estratehikong inisyatiba. Sa pamamagitan ng akumulasyon ng mga tagumpay sa mga taktikal na opensiba, mapalilitaw at mapalalaki ang mga kahinaan ng kaaway at unti-unting mababawasan ang kanyang lakas hanggang sa tuluyan itong magapi pagsapit ng panahon ng estratehikong opensiba. Kailangan ding maglunsad ng mga taktikal na opensiba upang mapreserba ang lakas ng mga rebolusyonaryong pwersa at patuloy pang palakasin ito, hakbang-hakbang na pangibabawan ang mas mahinang katayuan kumpara sa lakas ng kaaway upang maabot sa kalaunan ang superyoridad sa kaaway sa paparaming pagkakataon at lugar, sa papatagal na panahon hanggang sa kabuuan.

Sa bawat taktikal na opensibang inilulunsad, mahalagang matukoy ng mga yunit ng BHB ang mga kahinaan ng kaaway, o kung hindi man, matulak ito upang magkamali at mailantad ang mahihinang bahagi nito.

Sa serye ng mga pag-aaral at paglilinawan, iwinasto ng mga kadre at mandirigma sa rehiyon ang makaisang panig na pananaw na siyang pinagmulan ng konserbatismo na nagdulot ng disbalanse sa pagpapatupad ng mga rebolusyonaryong gawain at maling pagsusuri sa kalagayan ng digma.

Muling pinagtibay ang pangangailangang sapulin ang diyalektikong relasyon ng pangunahin at sekundaryong mga tungkulin. Muling ipinwesto ang mga batayang rekisito sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba batay sa papalawak at papalalim na baseng masa at ang pangangailangang itaas ang mapanlabang diwa ng hukbo at mamamayan.

Itinuwid ang pesimistikong pananaw na “mawawasak ang baseng masa kung maglulunsad tayo ng taktikal na opensiba”. Pinag-iba ang kalagayan sa kasalukuyang yugto at noong yugtong nagsisimula pa lamang ang armadong pakikibaka sa rehiyon, gayundin sa kalagayan noong panahon ng malulubhang disoryentasyon at pag-atras. Nilinaw na may ibang antas nang naabot ang rebolusyonaryong kilusan sa pangkalahatan at tinatahak nito ngayon ang wastong landas sa gabay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Binalik-aralan ang partikular na karanasan sa Carmen, Bohol noong 1985. Inilinaw na ang pagkawasak doon ng rebolusyonaryong kilusan ay di simpleng resulta ng mga atake ng kaaway. Tinukoy na ang mga panloob na kahinaan ang unti-unting sumira sa baseng masa at organisasyon ng Partido sa distrito. At sa katunayan, nagsimula na ang mga operasyong militar ng kaaway sa distrito bago pa man ang taktikal na opensiba.

Upang ibayong linawin ang halaga ng paglulunsad ng mga taktikal na opensiba, binigyang-diin ng kumperensya ang pagsusuri sa partikular na kalagayan ng digmaan relatibo sa kabuuan at wastong pagtaya at pagharap sa mga kampanya ng kaaway. Muling pinagtibay ang pangangailangang magsanay sa “sining ng digma” ang mga rebolusyonaryong pwersa. Gayundin, idiniin ang pangangailangang pag-aralan at pagpakahusayan ng lahat ng Pulang kumander sa antas ng larangan at rehiyon ang wastong pagtaya sa pabagubagong sitwasyon, paglaban at pagbigong mga operasyon at kampanya ng kaaway at koordinadong pagsusulong ng laban sa pulitika, militar at ekonomya.

Idiniin din ang pangangailangang gawing sistematiko at paunlarin ang kaalaman at kakayahan ng mga rebolusyonaryong pwersa sa pagbaka at pagbigong mga kampanya at operasyon ng kaaway habang patuloy na nagpapalawak at nagpapalakas ng sarili.

Alinsunod sa kasalukuyang yugto ng estratehikong depensiba, muling itinaguyod ang mga taktikang gerilya ng konsentrasyon, paghihiwa-

hiwalay at paglipat, ang taktika ng pagpapaikut-ikot, ang wastong balanse ng pagpapalawak at pagpapatatag at ang pagmamaksimisa sa pampulitikang paglalantad at pakikibaka sa panahong tinutugis ng kaaway na mas malaki at malakas pa kaysa sa sariling pwersa.

Sa gayon, “pinasusuntok sa hangin” ang kaaway habang nagsasagawa ang mga yunit ng BHB ng mga taktikal na opensiba na kayang ipagtagumpay batay sa kalagayan at kakayahan ng mga ito.

Pangunahing tungkulin

Ayon sa mensahe ni Kasamang Armando Liwanag, tagapangulo ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas, sa ika-30 anibersaryo ng BHB, “ang pangunahing tungkulin ng BHB ay labanan at gapiin ang kaaway. Inilulunsad lamang nito ang mga labanan na kaya nitong ipagwagi. Sa loob ng mahabang panahon, naglulunsad ito ng mga labanang madaling tinatapos para umagaw ng mga sandata mula sa kaaway, magtipon ng lakas sa kanayunan, at nagdaraan sa mga yugto at bahagi ng pag-unlad hanggang sa kakayahin na nitong agawin ang kapangyarihan sa kalunsuran sa pambansang saklaw.”

“Gayunman,” aniya, “hindi matagumpay na maipatutupad ang tungkulin sa paglaban kung hindi ito nakabatay sa malaganap at malalim na suporta ng mamamayan. Ang BHB ang pangunahing organisasyon ng Partido hindi lamang para wasakin ang kaaway kundi para rin sa pag-oorganisa, pagpukaw at pagpapakilos sa masa. Sa pamamagitan ng gawaing masa, nakukuha nito ang suporta ng mamamayan bilang walang pagkasaid na bukal ng lakas.”

Naglulunsad ang BHB ng mga taktikal na opensiba alinsunod sa pagsusulong ng malawak at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa. Ang bawat pagdami ng mga taktikal na opensiba ay nakaugnay sa paglawak at pagpapatatag ng baseng masa sa loob ng sonang gerilya, sa loob ng larangang gerilya, sa loob ng rehiyon at sa pambansang saklaw.

Ang unti-unting pagdami ng mga taktikal na opensiba ay nagpupwersa sa kaaway na kilalanin ang lumalaking lakas ng BHB hindi lamang sa Gitnang Kabisayaan kundi sa buong bansa. Paulit-ulit nitong napabubulaanan ang mga pahayag ng kaaway na nawawala na o nalulusaw na ang rebolusyonaryong kilusan.

At itinuturo sa atin ni Kasamang Mao na “ang digmaan ay pulitika na may kaakibat na pagdanak ng dugo... kung saan kailangan ang sakripisyo... Ito rin ang batayan kung bakit ang depensiba ay kailangang sabayan ng pagsalakay at hindi nananatiling simple at solong depensiba.” **AB**



WASTONG PINUNA ANG KONSERBATISMO AT NILINAW ANG HALAGA AT PANGANGAILANGAN NG MGA TAKTIKAL NA OPENSIBA BILANG PINAKAMAHALAGANG NILALAMAN NG ESTRATEHIKONG DEPENSIBA.

PAGTALIKOD SA REAKSYON, PAGSANIB SA REBOLUSYON

“Hindi na maaaring magkaroon ng tunay na reporma sa loob ng bangkaroteng sistemang malakolonyal at malapyudal”.

Ito ang idineklara ng isang upisyal ng lokal na reaksyunaryong pamahalaan na tumalikod sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at nanumpa sa rebolusyonaryong kilusan. Si Jaime Decasa, bise alkalde ng Batuan, Bohol ay sumanib nitong Marso 22 sa National Democratic Front (Pambansang Demokratikong Prente o NDF).

Ayon sa pahayag sa midya ng NDF-Gitnang Kabisayaan, si Decasa, na kilala na ngayon bilang “Ka Rudy,” ay nagpasyang maging rebolusyonaryo pagkatapos niyang mamulat sa katotohanang imposibleng baguhin mula sa loob ang bulok na naghaharing sistema. Ito, anang NDF, ang nakapagkukumbinsi sa mga tapat na lingkod-bayan at iba pang mga elemento ng panggitnang pwersa na sumapi sa NDF. Ito rin, anito, ang nagtutulak sa mga tunay na maka-mamamayang pulitiko na lihim na makipagtulungan o sumapi sa rebolusyonaryong kilusan.

Bigong krusada laban sa korupsiyon

Bilang konsehal pa lamang ng bayan noong 1992, nakilala si Decasa sa kanyang pagbubunyag ng mga anomalya sa pagpopondo ng mga proyekto ng lokal na gubyerno sa Batuan. Nang tumakbo siya bilang bise alkalde noong Mayo 1998 sa ilalim ng Laban ng Masang Pilipino, natuklasan ni Decasa na ilan sa kanyang mga kapartido (kabilang na ang nanalong alkalde na si Brady Dano) ay mga opereytor ng ilegal na sugal at nasa *payroll* ng matataas na upisyal ng pulisya tulad ng dating Philippine National Police (PNP) *provincial director* ng Bohol na si Laurence Cadungog.

Dahil sa kanyang natuklasan, tinugis si Decasa at isinangkot sa kasong pagpatay sa isang magsasaka at pambubugbog sa apat pang iba noong nakaraang halalan. Naglabas ng mandamemento de aresto laban sa kanya noong Enero.

Dito na nawalan ng pag-asa si Decasa sa kanyang krusada laban sa korupsiyon at nagpasyang pumanig sa rebolusyon. Umugnay si Decasa sa rebolusyonaryong kilusan noong Enero 10.

Inimbestigahan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mga paratang kay Decasa. Lumabas sa pagsisiyasat na mga elemento lamang ng PNP at mga armadong *goon* ng ibang pulitiko na naroroon noon sa lugar na pinangyarihan ng insidente ang maaaring makapagsagawa sa naturang krimen. Malinaw na isinangkot lamang si Decasa ng pulisya at mga

kalaban niya sa pulitika upang matigil na ang kanyang pagbubunyag ng kabulukan sa gubyerno.

Dahil sa sinseridad ni Decasa at kahandaan nitong pumanig sa rebolusyon, malugod siyang tinanggap sa NDF.

Marami pang iba


Hindi si Decasa ang unang upisyal ng gubyerno na tumalikod sa reaksyunaryong pamahalaan. Noong Hulyo 1995, nagulantang ang GRP nang ihayag ni Brig. Gen. Raymundo Jarque, na dating pinuno ng Southern Luzon Command, ang kanyang pagsapi sa NDF. Tulad ni Decasa, si Jarque ay inakusahan ng krimeng hindi niya ginawa matapos niyang banggain ang ilang makapangyarihan at tiwaling burukrata. Naging biktima siya ng sistemang tapat niyang pinaglingkuran nang ilang dekada.

Biktima rin ang tatlong elemento ng Citizen's Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) na nag-alsa laban sa kanilang yunit nitong Abril 1 sa Lopez, Agusan del Sur. Ayon sa mga ulat, nagpasyang sumapi sa rebolusyonaryong kilusan ang tatlong CAFGU dahil hindi na nila matiis ang pagmamalupit sa kanila ng mga upisyal ng AFP. Pinagbabaril nila ang kanilang mga kasamahan at inagaw ang mga armas sa kanilang detatsment bago sila umanib sa BHB. Upang pagtakpan ang tunay na pangyayari, sinabi ng AFP na dinukot diumano ng BHB ang naturang mga CAFGU.

Tiyak na may iba pang mamumulat at titiwalag sa reaksyunaryong sistema upang sumapi sa rebolusyonaryong kilusan. Habang tumitindi ang krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal, ibayong tumitingkad ang pagkabangkarote nito at ibayong lumilina ang kawastuan ng pagtahak sa landas ng rebolusyon.

Mula't sapul, patakaran na ng rebolusyonaryong kilusan ang pagtanggap sa mga upisyal, elemento at kawani ng reaksyunaryong gubyerno at sandatahang lakas na tumatalikod sa kaaway at pumapanig sa mamamayan. Katunayan, marami na sa kanila ang may ilang taon nang naglilingkod sa sambayanan at makabuluhang nakapag-aambag sa rebolusyon.

Ani Jose Ma. Sison, Tagapangulong Tagapagtatag ng Partido: “Napadadali ang tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon kapag ibinabaling ng mga upisyal, elemento (at kawani) ng gubyerno at sandatahang lakas ng malalaking kumprador, panginoong maylupa at bulok na burukrata ang kanilang katapatan at paglilingkod sa uring manggagawa, magsasaka at iba pang mamamayan”. **AB**



Pambubusabos sa mga manggagawa

Upang makapag-kamal pa rin ng maksimum na tubo sa gitna ng tumitinding krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista, lubos na pinipiga ng mga monopolyo kapitalista ang lakas-paggawa ng mga manggagawa sa pamamagitan ng walang habas na pagatake sa kanilang sahod, mga benepisyo at karapatang mag-union. Sa buong daigdig, malawakang niyuyurakan o tuwirang ipinagkakait ang mga karapatan at ibinababa ang mga pamantayan sa paggawa na ipinagwagi sa loob ng dantaong pakikibaka ng kilusang manggagawa.

Sa Pilipinas, ang pambubusabos sa mga manggagawa at pagsiil sa kanilang mga batayang karapatan ay patakarang malaon nang itinutulak ng mga imperyalista at masugid na ipinatutupad ng papet na gubyrno para sa kapakinabangan ng malalaking kapitalistang dayuhan.

Pinakamasahol ang pambubusabos sa mga manggagawa sa mga empresa sa loob ng mga export processing zone (EPZ). Dito, animo'y bilanggo ng mga hamlet o concentration camp ang mga manggagawa sa higpit at lupit ng pamamalakad ng mga kapitalista at pangasiwaan ng EPZ.

Ang sumusunod na artikulo na naglalarawan sa siil na kalagayan ng mga manggagawa sa Texas Instruments (TI) sa Baguio City Export Processing Zone ay batay sa pananaliksik na isinagawa ng mga kadre sa kilusang paggawa sa rehiyon ng Ilokos-Kordilyera.

Ang Texas Instruments ay isang dambuhalang korporasyong Amerikano at isa sa mga nangunguna sa buong mundo sa paggawa ng mga pyesang elektronik, tulad ng mga *integrated circuit* at *semiconductor*. Ang mga pyesang ito ang siyang pinakapuso ng mga *computer*, *aplayans*, *laruang elektronik*, mga modernong kagamitang pandigma at iba pang kagamitang elektronik.

Unang naitatag ang TI noong 1930 mula sa malaking pinansyang ibinuho ng US pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig para sa higit na pagpapalakas ng *military-industrial complex* nito at bilang paghahanda sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig.



Ang pagawaan ng TI dito sa bansa ang may pinakamalaking bilang ng manggagawa (mga 3,000) sa Baguio City Export Processing Zone (BCEPZ) at isa sa may pinakamalaking bilang ng manggagawa sa buong Hilagang Luzon.

Ito rin ay isa sa 11 pinakamalalaking kumpanya sa bansa at siyang may pinakamalaking eksport mula pa noong 1996. Sa taong iyon, unang-una ang TI sa mga empresang nakapag-eksport ng higit sa \$1 bilyong halaga ng mga produkto.

Tulad ng iba pang empresa sa mga *export processing zone*, hindi eksport ng tunay na mga manupaktura ang ginagawa ng TI kundi limitado at bahagyang pagpoproseso lamang (o semi-manupaktura). Muling iniluluwas lamang nito ang mga produktong sa kalakhan ay halos yari na at minanupaktura sa ibang bansa.

Sa partikular, ang TI sa BCEPZ ay nag-eespesyalisa sa iisang uri lamang na proseso sa paggawa ng mga *semiconductor*, ang “assembly and test”. Ang iba pang proseso sa

produksyon tulad ng pag-mamanupaktura at *assembly* ng pinal na produkto ay ginagawa sa iba pang sangay ng TI na nakakalat sa mahigit 50 bansa.


Mga anti-unyong patakaran at hakbangin

Kilala ang TI sa buong mundo sa pagiging anti-union. Matagal nang patakaran nito ang pagbabawal at matinding pagkontra sa pag-uunion hindi lamang dito sa Pilipinas, kundi sa lahat ng bahagi ng organisasyon nito sa buong mundo. Mula pa nang maitatag ito, wala pang unyon ng manggagawa ang matagumpay na naitayo saanmang sangay ng TI sa daigdig. Tinitiyak ng TI ang pag-iral ng ganitong “kapayapaan” sa kabuuan ng organisasyon nito sa pamamagitan ng pinakatusong mga paraan, hanggang sa pasistang mga kaparaanan ng pagkokontrol sa isip at galaw ng mga manggagawa at pagsasagka sa kanilang pag-oorganisa sa sarili.

Lahat ng empresa sa BCEPZ ay anti-union. Subalit ang pinakamasugid sa mga ito sa paglaban sa unyonismo ay ang TI.

Bawat manggagawang tinatanggap ng TI ay pinadaraan muna sa isang pang-oryentasyong seminar kung saan idinidiin at ikinukundisyon sa pagtanggap sa kanila ang pagbabawal sa pag-union o anumang anyo ng paglaban sa kumpanya. Ang unyon, ayon sa maneydsment, ay sisira lamang sa “katahimikan” sa loob ng kumpanya at maglalagay lamang sa mga manggagawa sa hindi siguradong kalagayan sa trabaho.

May itinatayang organisasyon ang TI para mas mahigpit nitong makontrol ang mga manggagawa. Tinatawag nila itong “Kapatiran, Balikatan at Ugnayan”. Para ito umano sa “hingahan ng mga hinaing” (*airing of grievances*) ng mga manggagawa. Gawa nito, sinasabi ng maneydsment sa mga manggagawa sa TI na hindi na kailangan ng unyon dito. Palibhasa’y hindi sarili at hindi rin tunay na organisasyon ng mga manggagawa ang “Kapatiran, Balikatan at Ugnayan,” kundi itinayo at minamanipula ng maneydsment, paghahapag lamang ng mga hinaing ang nangyayari sa mga pulong nito at wala nang iba. Pero kahit ito’y hinahadlangan ng nangingibabaw na takot. Walang karapatan ni kapangyarihan ang mga manggagawa na makipagtawaran sa kumpanya. Nasa kumpanya na kung tutugunan o hindi, at kung papaano



tutugunan kung sakali, ang mga hinaing ng mga manggagawa.

Para masagkaan ang pag-oorganisa sa hanay ng mga manggagawa, mahigpit na ipinagbabawal din ng kumpanya na makipag-usap ang mga manggagawa sa isa’t isa sa panahon ng trabaho. Maging sa loob ng *shuttle bus* na sumusundo sa kanila sa pagpasok at naghahatid sa kanila mula sa trabaho, at pati sa mga hintayan ng *bus* ay bawal silang mag-usap-usap. Lalong bawal sa kanilang makipag-usap sa ibang tao. Ito ay tinagurian ng kumpanya bilang isang “mortal sin” (mortal na kasalanan).

Noong 1981, dalawang taon matapos itatag ang BCEPZ at gayundin ng TI, ang mga

manggagawa sa Texas Instruments ang siyang unang nagsubok na magtayo ng unyon sa BCEPZ. Limandaan (500) pa lamang ang mga manggagawa noon sa TI at 300 sa kanila ang kaagad naghagad at nagbalak makapagtayo ng unyon. Ngunit dahil sa panghihimasok at panggugulo ng dilawang Associated Labor Union-Trade Union Congress of the Philippines, naging disorganisado ang pagtatayo ng unyon sa TI. Sa gayon, nabigo ang mga manggagawa.

Sinamantala ito ng maneydsment at kaagad na gumawa ng mga hakbangin para tuluyan nang maudlot ang pagtatayo ng unyon sa kumpanya. Ipinadala sa ibang bansa ang ilan sa mga nag-lider sa naunsiyaming unyon upang mag-*training*; ang iba pa ay binigyan ng matataas na pusisyon, sahod at mga benepisyo; at ang iba ay inilipat-lipat ng departamento at hinaras. Nagtanim ng mga espiya sa hanay ng mga manggagawa. Hinigpitan ang pagmamaman sa kilos ng mga manggagawa at pag-aalerto sa mga posibleng pasok ng mga organisador ng unyon. Naglunsad ng mga anti-unyong seminar. Sabay na pinairal ang iba’t iba pang anyo ng panlilinlang at pananakot sa mga manggagawa.

Kalunus-lunos na kalagayan sa paggawa

Dahil walang unyong mangangalaga sa interes ng mga manggagawa, libre ang kapitalista na magpairal ng kalunus-lunos na mga kalagayan sa paggawa.

Pinipiga ng kapitalista hanggang sa kaibuturan ang produktibidad ng mga manggagawa. Apat sa halip na dalawang makina lamang (na siyang karaniwan sa ibang

pagawaan ng *semiconductor* maging sa ibang bansa) ang sabay-sabay na pinaoopereyt sa bawat manggagawa ng TI. Balak pa ng kumpanyang gawin itong anim.

Pinagtatrabaho ang mga manggagawa nang walang kahit saglit na pahinga sa loob ng walong oras. Hindi pinapayagang maiwanan ang mga makina nang kahit ilang sandali, para pumunta sa palikuran, halimbawa. Kundi'y sisitahin, pagagalitan at iulat sila ng mga superbisor. Hindi pinapayagang umupo ang mga manggagawa rito.

Hindi rin tinitiyak ang kanilang kaligtasan sa paggawa. Napakaraming nakapamiminsala sa kalusugan sa kalagayan ng paggawa sa TI. Sa buong mundo, ang industriya ng *semiconductor* ay ikatlo sa mga industriyang pinakadelikado sa kalusugan ng mga manggagawa dahil sa kanilang sobrang eksposur sa asido, gas at iba pang nakalalasong kemikal. Ang karaniwang epekto ng eksposur sa mga nasabing kemikal ay *skin allergy*, pagkakalbo, at mga sakit sa бага. May ilang kaso na rin ng abnormalidad sa mga batang ipinapanganak ng nanay na nakalanghap ng nasabing mga kemikal.

Sa TI, pinagagamit ang mga manggagawa ng *acetone*, *ethyl alcohol*, *flux*, *hydrochloric acid*, *lead*, *perchloro ethylene* at *trichloro ethylene* sa pagpoproseso ng mga produktong elektronik. Habang tumatagal ang eksposur nila sa mga kemikal na ito, ang mga manggagawa ay nakararamdam ng pagkahilo, deliryo, pagkauyanin, koma, panunuyo ng lalamunan at pangangati ng balat at mata. May ilang diumano'y *protective gadget* na ipinagagamit ng kumpanya sa mga manggagawa. Pero ang mga ito'y tulad lamang ng mga maskara at ilang kasuotang hindi sapat para maiwasan ang mapanganib na epekto ng mga kemikal na nanunuot hanggang sa kalamnan.

Malaki rin ang panganib na mabulag ang mga manggagawa. Ang matagalan at paulit-ulit na paggamit ng *microscope* (kagamitan para silipin ang ilandaang bahagi ng isang *chip* na kasing nipis ng kuko sa daliri) ay walang palyang sumisira sa kanilang mga mata, bagay na maaaring humantong sa pagkabulag.

Ang hindi pagpayag ng kapitalista na umihi man lamang ang mga manggagawa ay nagiging sanhi ng *urinary tract infection* (sakit sa pantog o sa bato). Dahil pirmi rin silang nakatayo, madalas na nangangalay, naninigas (bunga ng pamumulikat) at namamaga ang mga ugat (*varicose veins*) sa paa ng mga manggagawa.

Mas pinangangalagaan pa ng kapitalista ang mga makina kung kaya palaging nakatodo ang *air-conditioning* sa pabrika, isa pang bagay na nagdudulot sa mga manggagawa ng iba't ibang sakit sa бага, tulad ng hika.

Mataas na tantos ng pagsasamantala

Ipinagmamalaki ng TI na kapalit nito ay mas mataas diumano ang pasahod nito kumpara sa ibang kumpanya sa bansa. Karaniwang umaabot ng mga P300 bawat araw o P7,000 bawat buwan ang naiuwi ng mga regular na manggagawa roon—halos doble ng minimum na sahod. Subalit maliit pa ito kumpara sa sahod na tinatanggap ng mga manggagawa sa ibang pagawaan ng *semiconductor* sa bansa at lalo na sa ibayong dagat.

Ang totoo, napakataas ng tantos ng pagsasamantala sa mga manggagawa sa TI. Batay sa mga datos noon pang 1994, sa bawat pisong sinasahod ng manggagawa, P50 ang sobrang-halagang nililikha niyang napupunta sa kapitalista. Ibig sabihin, wala pang 2% ng halagang nililikha ng manggagawa ang napupunta sa kanya at mahigit 98% nito ay inaangkin ng kapitalista.

Gayundin, hindi kaagad-agad na regular ang sahod na ibinibigay ng kumpanya sa mga manggagawa. Marami itong mga paraan para makakuha ng mura at kundi man libre ay halos libreng paggawa. Bago pa maging regular na manggagawa sa TI, kailangan munang dumaan sa *pre-training* at pagkatapos ay sa *probationary period* na tumatagal nang anim na buwan.

Sa programa nilang *apprenticeship* para sa mga bagong gradweyt, karamihan ay tinatanggal makaraan lamang ang tatlong buwan at pinaghihintay sa pangakong trabaho kapag kailangan na ng kumpanya ng karagdagang regular. Ang lahat ng aprentis ay binibigyan lamang ng 75% ng minimum na sahod pero pinagtatrabaho na katulad ng mga regular. Kumukuha rin ang TI ng mga estudyante mula sa mga *technical school* na binibigyan ng OJT o “on-the-job training” sa loob ng limang buwan na ang kapalit ay *grade* sa paaralan sa halip na sahod.

Ang mataas na antas ng teknolohiya, ang pagmamaksimisa sa bilang ng mga makinang pinaoopereyt at dami ng mga operasyong pinagagawa sa bawat manggagawa, at ang mahigpit na pagpipiga sa bawat minuto ng manggagawa na binibili ng kapitalista ay mga paraan para mahuthot ng huli ang maksimum na sobrang-halaga mula sa paggawa ng mga manggagawa at sa gayon



**ANG PINAKATUSO AT
EPEKTIBONG
PAMAMARAAN NG
MANEYDSMENT PARA
MASAGKAAN ANG PAG-
UUNYON NG MGA
MANGGAGAWA SA TI AY
ANG PAMIMILIPIT SA ISIP
NG MGA MANGGAGAWA.**

ay mapatindi ang pagsasamantala sa kanila.

Katambal nito'y ang malaking kapinsalaan sa kalusugan ng mga manggagawa at ang matinding panunupil at pang-aapi sa kanila.

Elitista at anti-manggagawang doktrina

Ang pinakatuso at epektibong pamamaraan ng maneydsment para masagkaan ang pag-uunyon ng mga manggagawa sa TI ay ang pamimilipit sa isip ng mga manggagawa. Diumano, sila ay hindi mga manggagawa kundi mga "TI-ers" (taga-TI). Tinatawag din silang "Production Specialists". Idinidikdik ng maneydsment na ang mga "TI-ers" ay mga pribilehiyadong uri: hindi api, hindi pinagsasamantalahan at hindi naghihirap gaya ng karaniwang mga manggagawa. Sinusuhan pa ito ng maneydsment sa pamamagitan ng pagbibigay ng maraming insentibo at gantimpala para sa "zero absenteeism", maraming taong serbisyo sa kumpanya, atbp.; paglalathala sa panloob na pahayagan tungkol sa mga "success stories" ng *napo-promote* na mga manggagawa; at madalas na paglulunsad ng mga pang-aliw na aktibidad tulad ng mga palaro, kantahan, *disco*, *picnic* at *beach party*. Sinisikap ng kapitalista na pagtakpan ang matinding pagsasamantala nito sa mga manggagawa sa pamamagitan ng mga panlinlang, pang-aliw at pangunswelong mga aktibidad at pabuya.

Kahimat sa mahabang panaho'y nagagawa ng TI hindi lamang dito sa Pilipinas kundi sa buong daigdig na makapanlinlang at makapangontrol ng isip at galaw ng mga manggagawa at makasagka sa kanilang sariling pag-oorganisa, hindi nito ito magagawa nang magpasawalang-hanggan.

Sa ngayon, kahit sa napakahirap na kalagayan ng pag-oorganisa sa loob ng kumpanya, mayroong mga mulat-sa-uring aktibista na lihim at maingat na nagsisikap magmulat at mag-organisa ng mga kapwa manggagawa sa TI. Ang mga manggagawa sa Texas Instruments ay babangon at babangon sa makauring kamulatan at paglaban, tulad ng ginawa noong 1981 ng karamihan ng mga unang manggagawa sa TI. Kaugnay nito, mahalagang matutukan ng Partido, bilang abanteng destakamento ng uring manggagawa, ang pagpursige sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagbibigay ng mahusay na pamumuno sa kanila. AB

**MAHALAGANG
MATUTUKAN NG
PARTIDO, BILANG
ABANTENG
DESTAKAMENTO
NG URING
MANGGAGAWA,
ANG PAGPURSIG
SA PAGMUMULAT,
PAG-OORGANISA
AT PAGBIBIGAY NG
MAHUSAY NA
PAMUMUNO SA
KANILA.**

Pang-aapi sa kababaihan

Otsenta porsyento (80%) ng mga manggagawa sa TI ay babae.

Malakas ang diskriminasyon at sekswal na pang-aapi sa mga manggagawang babae. Habang ang kalalakihan ay karaniwang may mas matataas na pusisyon (mga manedyer, enhinyero, teknisyen, superbisor, atbp.), ang mayorya ng kababaihan ay mga sahurang manggagawa. Kaya ganito ang hatian ng trabaho, ayon sa kumpanya, ay dahil "pambabae ang trabahong pag-oopereyt ng maselang makina." Madalas na dumaranas ang mga manggagawa-

wang babae ng sekswal na harasment mula sa mga namamahaling lalaki, kabilang ang pagpapatupad ng di-nakasulat na patakarang "lay-off or lay-down" na siyang nagiging batayan para sa pananatili sa trabaho o mga promosyon.

Rekisitos ng kumpanya sa mga kinukuhang manggagawa na sila'y mga bata pa, at kung babae ay walang asawa, sa pag-asang hindi kaagad sila mabubuntis.

Malupit ang kumpanya laluna sa mga nabubuntis na animo'y nagkasala at pinarurusahan sa pamamagitan ng paglilipat sa kanila sa Symbol Department, kung saan nakalalanghap at nakahahawak sila ng mas mabagsik at mas mapanganib pang mga kemikal na nakasasama sa kanilang kalagayan at sa magiging supling nila. Sadyang walang suportang sistema para sa mga nanay na nagpapasuso pa ng anak. Hindi rin naglalaan ang kumpanya ng mga pasilidad para sa pag-aalaga sa bata tulad ng mga *day care center* at narseri. AB



Tungo sa pandaigdigang proletaryong pagkakaisa at pagtutulungan


Inihahanda ang paglulunsad ng Ika-6 na International Conference of Marxist-Leninist Parties and Organizations (Pandaigdigang Kumperensya ng mga Marxista-Leninistang Partido at Organisasyon o ICMLPO). Kaugnay nito, inilabas ng Partido Komunista ng Pilipinas ang kontribusyon nito sa mga isasagawang talakayan hinggil sa pandaigdigang krisis ng kapitalismo at mga tungkulin ng pandaigdigang kilusang proletaryo.

Ang kalagayan ng pandaigdigang kilusang komunista

Muling sumisibol sa kasalukuyan ang pandaigdigang proletaryong rebolusyon matapos na tuluyang nalantad at bumagsak ang modernong rebisyunismo at habang patuloy na dumadausdos sa di pa napapantayang krisis ang sistemang kapitalista sa buong mundo. Matapos ito ng mahabang panahon ng mga pag-atras at pagkagapi ng pandaigdigang kilusang komunista, laluna nang nangibabaw ang modernong rebisyunismo sa Tsina pagpanaw ni Tagapangulong Mao Zedong noong 1976.

Sa mismong mga sentro ng kapitalismo, laluna sa Europa, pumuputok ang mga dambuhala at ispontanyong protesta ng mga manggagawa na lumalaban sa papatinding pagsasamantala sa kanila. Sa mga malakolonya naman ay sumusulong ang mga pakikibakang masa at sandatahang paglaban upang ipagtanggol ang interes ng mga inaapi at tutulan ang nagpapatuloy na dominasyon ng imperyalismo at paghaharing reaksyunaryo.

Higit sa lahat, muling inoorganisa ang mga partido komunista sa batayan ng Marxismo-Leninismo at pagbaka



sa rebisyunismo upang epektibong mapamunuan ang pagkilos ng masang anakpawis tungo sa muling pagdaluyong ng proletaryong rebolusyon. Gayunpaman, dahil sa mahabang panahong pangingibabaw ng modernong rebisyunismo, ang mga partido komunista ay napinsala at ang iba'y tuluyang nawasak. Maraming mga usapin sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ang kailangan pang himayin upang lubusang maitaguyod ang Marxismo-Leninismo, magkaisa ang mga rebolusyonaryong proletaryado sa buong mundo at mapaunlad ang kakayahang buong-tatag na mapamunuan at maisulong ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan.

Ang katangian ng ICMLPO

Gumagampan ang ICMLPO ng mahalagang papel sa proseso ng muling pagtitipon ng mga partido komunista. Aktibong lumalahok dito ang PKP alinsunod sa proletaryong internasyunalistang tungkulin nitong tumulong sa pagpapanday ng pagkakaisa ng uring manggagawa sa buong daigdig.

Ang ICMLPO ay isang porum para sa pagtatalakay ng mga usapin sa ideolohiya at pulitika na kinakaharap ng mga Marxista-Leninista sa buong mundo. Isa ito sa mga larangan ng interaksyon at pagtutulungan ng mga Marxista-Leninista para sa sosyalismo at laban sa walang puknat na opensiba sa ideolohiya ng imperyalismo.

Itinataguyod ng mga lumalahok sa mga kumperensya ng ICMLPO ang Marxismo-Leninismo at Kaisipang Mao Zedong. Saligang rekisito rin ng paglahok dito ang paglaban sa modernong rebisyunismo, ang positibong aktitud sa mga teorya at kontribusyon ni Stalin at Mao Zedong at ang pagtanggap sa mga alituntunin ng bawat kumperensya ng ICMLPO.

Sa mga kumperensya ng ICMLPO ay mahigpit na ipinatutupad ang mga alituntunin upang mapanatili ang integridad, pagsasarili, pagkakapantay-pantay at paggagalangan ng mga partido at organisasyong lumalahok dito. Antas-antas na inaabot ang konsensus at pagkakasundo sa pamamagitan ng prinsipyang debate at kooperasyon ng mga partido at organisasyon. Itinataguyod ang prinsipyo ng walang panghihimasok sa kani-kanyang mga usaping internal. Walang anumang kalahok ang magsasagawa ng mga pampublikong pag-atake sa ibang kalahok na partido o organisasyon. Bawat isang kalahok ay may karapatan na pumirma o hindi sa mga resolusyong tinalakay at pinagkaisahan. Inilinaw mula noong Ika-3 Kumperensya ng ICMLPO na ito'y hindi isang pandaigdigang sentro sa ideolohiya o pulitika at hindi makapagpapataw ng mga kaisahan sa anumang partido o grupo.

Ang gawain ng ICMLPO ay pinangangasiwaan ng Joint Coordinating Group (JCG) na inihahalal sa katapusan ng bawat kumperensya. Bawat isang kumperensya ay natatangi sa iba pa at bukas sa partisipasyon ng sinumang tatalima sa mga saligang alituntunin ng ICMLPO.

Ang mga nakaraang tagumpay ng ICMLPO

Bilang isang porum, nakaipon na ang ICMLPO ng mga tagumpay sa pagtataguyod ng Marxismo-Leninismo at paglaban sa rebisyunismo. Isa ito sa mga unang pandaigdigang kumperensyang naglantzad sa panunumbalik

ng kapitalismo sa dating Unyong Sobyet at pumuna sa rehimeng Gorbachev bilang sosyal-imperyalista. Katulong din ito sa paglulunsad ng makasaysayang International Seminar on Mao ►



MGA SIPI

Mula sa kontribusyon ng PKP sa Ika-6 na Kumperensya ng Pandaigdigang Kumperensya ng mga Marxista-Leninistang Partido at Organisasyon:

“Sa ilang aspeto, tayo ay nasa panahong kahalintulad ng panahon bago ang Unang Digmaang Pandaigdig at Rebolusyong Oktubre. Ngunit muling inuudyok ng krisis pang-ekonomya at panlipunan ng kapitalistang sistema, sa paraang wala pang kapantay, ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalista at aping mamamayan, sa pagitan ng monopolyo burgesya at ng proletaryado sa mga imperyalistang bansa at sa hanay mismo ng mga imperyalistang kapangyarihan.”

“Walang mga bagong kundisyon na nagpapahiwatig sa posibilidad na maaagaw ng proletaryado sa mga imperyalistang bansa ang kapangyarihan nang walang armadong rebolusyon at nang wala ang mga kundisyon ng inter-imperyalistang digmaan at mga anti-imperyalistang digmang mapagpalaya sa mga atrasadong bansa.”

“Tilan pa rin lamang ang mga Marxista-Leninistang partido na naglulunsad ng digmang bayan. Ngunit kung wala sila, halos wala na ring magiging tunay na pundasyon ang pag-asa ng mamamayan para sa pagbabagsak ng mga imperyalista at lokal na reaksyunaryo at paglayon ng demokrasyang bayan at sosyalismo.”

“Natututo silang lumaban sa pamamagitan ng paglaban. Hinihingi sa kanila ng buhay-at-kamatayang pakikibaka na pukawin, organisahin at pakilusin ang sambayanan at itatag ang Partido, ang hukbong bayan at nagkakaisang prente. Kapag nagkakamali, maaaring magtuwid sa pamamagitan ng napapanahong pagpuna at pagpuna-sa-sarili at sa pamamagitan ng komprehensibo at malalim na kilusang pagwawasto.”

“Habang iniwan natin ang ika-20 siglo ..., sa pangkalahatan, nakatitiyak tayong higit na malalaking laban at higit na malalaking tagumpay ang naghihintay sa proletaryado at mamamayan sa ika-21 siglo.”

“Mahalaga ang mga pandaigdigang kumperensya at seminar ng mga Marxista-Leninistang partido at mga kilusang manggagawa upang tanglawan ang landas ng pagsulong ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon at para sa pagpapahigpit ng koordinasyon ng mga rebolusyonaryong pakikibaka ng mga nagsasariling Marxista-Leninistang partido.”

Zedong Thought noong Disyembre 1993 sa Germany na naglabas ng Pangkalahatang Deklarasyon Hinggil sa Kaisipang Mao Zedong.

Mula sa 11 kalahok sa Ika-4 na Kumperensya noong 1993, 20 partido at organisasyon mula sa apat na kontinente ang dumalo sa Ika-5 Kumperensya noong Oktubre 1996. Tanda ito ng tumataas na prestihiyo ng ICMLPO.

Sinalamin ng iba't ibang resolusyon ang pag-unlad ng mga talakayan hinggil sa mga usapin sa ideolohiya, pulitika at praktika. Saklaw nito ang mga pangyayari sa ekonomya at pulitika at sa teorya at praktika ng tunggaliang maka-uri. Naging matingkad sa mga debate ang katangiang proletaryo, demokratiko, buhay, bukas at masaklaw. Isinagawa ang mga ito sa prinsipyadong paraan at naging obhetibo ang mga talakayan sa pagsisikap na magkaisa at mapaunlad ang porum na alinsunod sa diwa ng Marxismo-Leninismo at Kaisipang Mao Zedong.

Pinagkaisahan ng Ika-5 Kumperensya ang mga sumusunod na resolusyon:

(1) *Ang mga pampulitika at pang-ekonomyang pangyayari sa mundo bilang batayang sirkunstansya sa pagtatakda ng rebolusyonaryong gawain.* Tinukoy ang pagtalim ng pangkalahatang krisis ng kapitalismo na siyang kalagayang sinasamantala ng mga Marxista-Leninista upang itayo ang mga partido at itaas ang antas ng pakikibakang anti-imperyalista at sosyalista laban sa lahat ng komon na kaaway ng proletaryado at mamamayan sa buong daigdig.

(2) *Mga tungkulin at hinaharap ng kilusang Marxista-Leninista at ng uring manggagawa.* Tinukoy dito ang tungkuling palaganapin ang pagkakaisa ng mga Marxista-Leninistang partido habang pinalalapad ang pagkakaisang anti-imperyalista. Ipinanawagan ng resolusyon na ito sa bawat partido na ilapat ang Marxismo-Leninismo sa kongkretong kalagayan ng kani-kanilang bansa at isulong ang mga pambansang rebolusyonaryong kilusan.

(3) *Pag-unlad ng kilusang Marxista-Leninista at kilusan ng uring manggagawa laban sa rebisyunismo.* Isinaad sa resolusyon na ito na kung hindi pangingibabawan ang impluwensya ng rebisyunismo sa kilusan ng uring manggagawa, hindi maaaring maganap ni sumulong muli ang pakikibaka para sa sosyalismo ni matamo ang tagumpay ng proletaryong rebolusyon.

(4) *Hinggil sa pagpapatuloy ng Internasyunal na Kumperensya.* Tinukoy ng Ika-5 Kumperensya ang papataas na antas ng konsensus at pagkakapatiran sa hanay ng mga

kalahok sa ICMLPO at pinagpasyahang ibayo pa itong paunlarin sa pamamagitan ng paglulunsad ng Ika-6 na Kumperensya. Kaakibat nito'y hinirang ang bagong JCG upang paghandaan ito.

Pinagtibay din ang espesyal na resolusyong gumugunita sa ika-25 taong anibersaryo ng pagpaslang ng mga pasistang reaksyunaryo kay Kasamang Charu Majumdar, rebolusyonaryong lider-martir ng India na pinuno ng armadong pakikibaka ng mga magsasakang Naxalbari.

Kaugnay ng mga tagumpay ng Ika-5 Kumperensya, lihim na idinaos noong Abril 1998 sa Pilipinas ang First Asia-Pacific Conference of Marxist-Leninist Parties and Organizations. Itinaguyod nito ang mga prinsipyo ng mga nakaraang kumperensya ng ICMLPO. Naglabas ito ng komunike na nanawagang paigtingin ang pagsisikap na buuin ang mga pwersang rebolusyonaryo at pakilusin ang mamamayan ng Asya-Pasipiko laban sa imperyalismo sa harap ng tumitinding krisis ng sistemang kapitalista.

Ang PKP at ang ICMLPO

Patuloy na aktibong lalahok at mag-aambag ang PKP sa ikauunlad at ikatatagumpay ng mga kumperensya ng ICMLPO. Naniniwala ang Partido na marami pang maiaambag ang ICMLPO sa pagpapatibay ng paninindigan at pagpapahigpit ng pagkakaisa at pagtutulongan ng mga partido at organisasyon sa balangkas ng Marxismo-Leninismo at Kaisipang Mao Zedong. Tungo ito sa pagsusulong ng mga rebolusyonaryong pakikibaka ng uring manggagawa at mamamayan sa lahat ng panig ng daigdig.

Bukod sa ICMLPO, lumalahok at nag-aambag din ang PKP sa iba pang mga internasyunal na seminar o kumperensya at nagbubuo ng mga pagkakaisang multilateral at bilateral sa mga kapanalig nitong partido o organisasyon.

Ang pakikipagkaisa sa batayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo ang pinakamataas na antas na inaabot ng PKP. Kaalinsabay nito, ang PKP ay aktibong nag-aambag sa pagbubuo ng malapad na pagkakaisang anti-imperyalista na kinabibilangan, di lamang ng mga proletaryong partido, kundi pati ng iba pang mga uri at malawak na mamamayang inaapi ng imperyalismo. Kinakailangan ang ganitong mga antas ng pagkakaisa upang matatag na maisulong ang pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya, demokrasya at sosyalismo. ^{AB}

**ANG ICMLPO AY
ISANG PORUM
PARA SA
PAGTATALAKAY
NG MGA
USAPIN SA
IDEOLOHIYA AT
PULITIKA NA
KINAKAHARAP
NG MGA
MARXISTA-
LENINISTA SA
BUONG MUNDO.**

Ang usapin ng pagkakaisa at ang mga Contra

ng mga rebolusyonaryo at demokratikong uri at pwersa. Ito ang numero unong rekisito sa pagsulong at pagtatagumpay ng rebolusyon. Batay sa kongkretong kalagayan ng mga uri sa Pilipinas at halaw sa praktikal na karanasan ng rebolusyong Pilipino, maaari nating matukoy ang tatlong antas ng pagkakaisang itinataguyod, isinusulong at pinahahalagahan ng Partido:

Una, ang pagkakaisa ng proletaryong taliba sa saligan ng linyang Marxista-Leninista-Maoista sa usapin ng ideolohiya, pulitika at organisasyon, sa praktikal na aplikasyon nito sa pagsusuri sa malakolonyal at malapyudal

“Pagkakaisa” ang isa sa mga palagiang tema ng anti-komunistang propaganda ng mga rebisyunistang taksil. Iginigiit nila ang hungkag na panawagan para sa “pagkakaisa ng Kaliwa”, “bagong Partido” o “Frente Sosyalista” alinsunod sa anti-Stalinista at anti-Maoistang pag-atake sa Marxismo-Leninismo at Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) bilang “dogmatiko”, “impleksible” at “sektaryan”.

Ngunit gaanuman kalakas ang pagsigaw ng mga Contra tungkol sa “pagkakaisa” at ang pagbatikos nila sa “sektaryanismo”, di nila mapagtataktan ang katotohanan na ang pagkakaisa ng masa ng sambayanang Pilipino batay sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan ay matatag at lumalawak; at na ang Partido at rebolusyonaryong kilusan ay ibayong lumalakas dahil sa Ikalawang Dakilang

Kilusang Pagwawasto at matatag na pakikitunggali sa rebisyunismo at oportunismo.

Pagkakaisa at ang PKP

Laging binibigyan ng Partido ng pinakamataas na pagpapahalaga ang pagkakaisa at ang patuloy na pagpapalakas ng pagkakaisa



na sistemang panlipunan at sa pangangailangang magsagawa ng dalawang-yugtong rebolusyon. Ang pagkakaisang ito’y kinakatawan ng PKP na nagsisilbing taliba ng rebolusyong Pilipino.

Ikalawa, ang malawak na pagkakaisa ng mamamayang Pilipino sa batayan ng programa ng demokratikong rebolusyong bayan na sumasaklaw sa mga inaaping uri at progresibong sektor na nagsusulong ng mga pakikibakang armado at di armado. Ang pagkakaisang ito ay estratehiko at may katatagan. Nabubuo sa tatlong antas ang pagkakaisa ng sambayanang Pilipino: ang saligang alyansa ng mga manggagawa at magsasaka; ang rebolusyonaryong alyansang binubuo ng saligang alyansa kaisa ng petiburgesyang lungsod; at ang alyansa ng mga positibong pwersang binubuo ng rebolusyonaryong alyansa kaisa ng panggitnang burgesya.

Ang nasa puso ng pagkakaisa ng malawak na mamamayan ay ang alyansa ng mga manggagawa at magbubukid na kinakatawan, pangunahin, ng BHB na nagsusulong ng rebolusyong agraryo sa kanayunan at nasa ilalim ng absolutong pamumuno ng proletaryong partido.

Ikatlo, ang mga taktikal na pagkakaisa sa pagitan ng mga rebolusyonaryong pwersa at ng iba pang pwersa,



kabilang na ang mga reaksyunaryong indibidwal o pwersa, sa batayan ng panandaliang nagtutugmang interes laban sa komon na kaaway. Alinsunod ito sa patakaran ng Partido na samantalain ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryong kaaway upang lalong pahinain ang naghaharing sistema.

Pinakamahalaga sa tinukoy na tatlong antas ng pagkakaisa ang pagkakaisa ng sambayanang Pilipino para sa demokratikong rebolusyong bayan upang lutasin ang mga saligang kontradiksyon ng lipunang malakolonyal at malapyudal.

Tungo sa pagbubuo ng tatlong antas ng pagkakaisa, mapagpasya ang pagkakaisa at lakas ng talibang partido. Kaugnay nito, ang pagkakaisa at pagpapalakas ng taliba ay tuluy-tuloy lamang na magagawa kapag ang Partido ay nasa wastong balangkas ng pagsusulong ng pagkakaisa at pakikibaka ng sambayanan sa landas ng demokratikong rebolusyon. Ang wastong linyang pampulitika ay mapagpasya sa pagbubuo ng pagkakaisa at lakas ng talibang partido at sambayanang Pilipino.

Bago inilunsad ang kilusang pagwawasto noong 1992, ang pagkakaisa at lakas ng Partido ay sinira ng malubhang kapabayaang mga saligang gawain sa pagbubuo sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Lumitaw at lumala ang mga kahinaan at mga kabuhaghagan, na agad sinabayan ng papalakas na pagtagos papaloob ng mga mapanirang impluwensyang burges at petiburges. Namayagpag sa loob ng Partido ang malulubhang paglihis tulad ng adbenturismong militar, insureksyunismong lunsod, rebisyunismo at sari-saring anyo ng oportunismo. Ang lakas na naipundar sa mahabang panahon ng pagpupunyagi sa wastong linya ay winaldas ng mga naturang paglihis na naging sanhi ng wala pang kapantay na mga pinsala at pag-atras.

Ibinulid ng rebisyunismo at oportunismo ang Partido at kilusan sa bingit ng tuluyang pagkawasak. At ang pagkakaisa ng Partido ay ginulo ng agresibong pag-atake ng rebisyunismo at oportunismo sa Marxismo-Leninismo-Maoismo at sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan at matagalang digmang bayan. Ang mga pagsisikap ng Partido na kumbinsihin ang lahat ng kadre at kasapi sa wastong linya at mga saligang proletaryong rebolusyonaryong prinsipyo ay tinugon ng mga pinakamasahol na promotor ng adbenturismong militar, insureksyunismong lunsod at rebisyunismo ng ibayong pag-atake, lihim na mga maniobra, pananabotahe at

paglapastangan sa integridad sa organisasyon ng Partido. Itinaguyod nila ang “pagkakaisa” ng Marxismo at rebisyunismo sa ngalan ng “anti-Stalinismo” at “anti-dogmatismo”; itinulak ang pagsuko ng interes, kalayaan at inisyatiba ng proletaryo sa ngalan ng “nagkakaisang prente” na nasa kumpas ng mga anti-komunistang pwersang petiburges; at inilako ang linya ng makauring kolaborasyon.

Ang kilusang pagwawasto noong 1992 ay mapagpasyang hakbang ng Partido para iwaksi ang malulubhang paglihis at pagkakamali, puspusang labanan ang rebisyunismo at oportunismo, itaguyod ang mga saligang proletaryong rebolusyonaryong prinsipyo, igpawan ang malalaking pinsala, at itaas ang kakayahan ng Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Upang puspusang maitaguyod ang Marxismo-Leninismo-Maoismo at wastong linya, kailangan din ang puspusang pakikibaka sa rebisyunismo at oportunismo at lubos na pagwawaksi sa malulubhang paglihis at pagkakamali. Upang maisulong ang pagkakaisa ng malaking mayorya ng mga kadre at kasaping matapat sa Partido at rebolusyon, kinailangang ilantad, ihiwalay at itakwil ang sandakot na mga rebisyunista at oportunistang ayaw magwasto at todo-todo nang umaatake at sumasabotahe sa Partido at rebolusyon. Pinanday ng kilusang

pagwawasto ang pagkakaisa ng Partido at pinalakas ito sa saligan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo upang epektibong mapamunuan ng PKP ang rebolusyong Pilipino.

Ang matatag na pagbawi, pagpapanibagong-sigla at pagpapanibagong-lakas ng Partido at rebolusyonaryong kilusan bunga ng kilusang pagwawasto ay nagdudulot ng napakalinaw at napakalalim na mga aral tungkol sa pagkakaisa ng Partido, at paano ito pinangangalagaan at pinalalakas. Ang mabilis at tuluy-tuloy na lalong pagliit, pagkakawatak-watak, pagkakahiwalay at pagkabulok naman ng mga rebisyunistang taksil ay di mapasusubaliang pruweba ng sadyang pagkabangkarote ng kanilang kontra-rebolusyonaryong linyang rebisyunista at oportunista.

Ang “pagkakaisa” ng mga Kontra

Ikinakalat ng mga Kontra, laluna ng mga Trotskyista, ang kasinungalingang ang rebolusyonaryong kilusan ay “hati-hati”. Kakorus nila sa ganitong kasinungalingan ang AFP-PNP at iba pang reaksyunaryo. Bahagi ito ng serbisyo nila bilang mga espesyal na ahente ng imperyalismo at reaksyon. Layunin nilang linlangin ang mamamayang Pilipino, itago ang kanilang kontra-

KONTRA-REBOLUSYON ANG PANGUNAHING ANGKLA NG MGA CONTRA SA INILALAKO NILANG SAMU'T SARING PUTAHE NG “PAGKAKAISANG” PLURALISTA: PAGKAKAISANG BULAG, HINDI NAMIMILI AT WALANG TINATANGGIHAN.

rebolusyonaryong kaibuturan, ihasik ang mga lasong anti-Marxista-Leninista-Maoista, anti-digmang bayan at anti-Partido, at paluwagin ang kapit ng Partido at mga rebolusyonaryong pwersa sa mga tungkulin sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Pangunahing angkla ito ng inilalako nilang samu't saring

**NAGPAPANGGAP SILANG
MGA “PROGRESIBO”,
“REBOLUSYONARYO”,
“SOSYALISTA” AT
“KOMUNISTA” UPANG
IKUBLI ANG KANILANG
MGA BUNTOT AT ISIKSIK
ANG KANILANG SARILI SA
HANAY NG MAMAMAYANG
LUMALABAN,
MAKAPAGHASIK NG
KAMANDAG AT
MAKAPANABOTAHE AT
HADLANGAN ANG
PAGSULONG NG
REBOLUSYONARYONG
KILUSAN.**

putahe ng “pagkakaisang” pluralista: pagkakaisang bulag, hindi namimili at walang tinatanggihan. Itong kontra-rebolusyonaryong “pagkakaisa” ay hindi lamang puro sentimyento at kababawan, ito ay mapanlinlang, mapangantso at uma-apaw sa malisyang anti-Partido at kontra-rebolusyonaryo.

Kaugnay nito ay iwinawasiwas nila ang bandera ng “sosyalismong di sektaryan” upang ipilit na lahat sila’y “sosyalista” at pagtakpan ang kontra-rebolusyonaryong gawain at

kriminal na rekord ng mga luma at bagong rebisyunistang taksil at maling ilarawan ang mga ito bilang mga “progresibo” o “rebolusyonaryo”.

Matapos ng bigo nilang paglaban sa kilusang pagwawasto at PKP, ang mga nalantad na bagong rebisyunista ay tuluyan nang nagpakalulong sa parlamentarismo at repormismo, gawaing kriminal, gangsterismo at panggagantso sa kilusang manggagawa, mga gawaing rebeldeng lagalag at pamemerwisyo sa masang magsasaka. Binabagtas nila ang landas na binagtas din ng mga Lavaista at pangkating-gangster na Taruc-Sumulong patungo sa lantad na kapitulasyon sa naghaharing uri o ganap na pagkalusaw.

Silang lahat ay pawang mga espesyal na ahente ng naghaharing uri. Katunayan, karamihan sa kanila ay nakaswero sa mga dayuhang *funding agency* kabilang na ang World Bank, mga burges na institusyon sa Europa at Amerika at mga grupong Trotskyistang prente ng Central Intelligence Agency ng US. Talagang napakalaking kahangalan ang sabihing “rebolusyonaryo” o “progresibo” ang pagkakaisang mabubuo o pasisimunuan ng mga demonyong ito.

Ang paglalarawan sa sarili bilang maka-mamamayan ay panlilinlang lamang ng mga Contra. Katunayan, hindi

kayang ipailalim ng mga rebisyunistang taksil ang kanilang sariling interes sa pangkalahatang interes ng aping mamamayan. Kayat ang bawat isang maliit na grupo nilang Contra ay selos na selos na nagtatanggol ng kanilang makikitid na interes at hindi matiis na makapiling ang ibang mga Contra. Sadyang ang demonyo ay galit sa kapwa demonyo.

Habang nagkakanya-kanya, nag-aagawan at naggugulangan sa maraming bagay, ang mga grupong Contra ay nagkakaisa laban sa Marxismo-Leninismo-Maoismo, demokratikong rebolusyong bayan, matagalang digmang bayan at Partido. Kahit malampasan nila ang kani-kanyang kakitiran, yabang at agawan sa pera, ang pagkakaisang maaaring tumubo sa kanilang rebisyunistang punla ay walang iba kundi ang nagkakaisang prenteng anti-komunista, anti-sosyalista at kontra-rebolusyonaryo. Sa paraang tuwiran at di-tuwiran, nangangamuhan sila sa imperyalismo at reaksiyon.

Itinatakda ng saligang paninindigang anti-Marxista-Leninista-Maoista at anti-Partido ng mga Contra ang kanilang tungkulin sa pulitika—ang guluhin at hadlangan ang pagsulong ng mga pakikibaka ng mamamayang Pilipino laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo o iligaw ang mamamayan sa landas ng repormismo, insureksyunismo, makauring kolaborasyon at kapitulasyunismo.

Nagpapanggap silang mga “progresibo”, “rebolusyonaryo”, “sosyalista” at “komunista” upang ikubli ang kanilang mga buntot at isiksik ang kanilang sarili sa hanay ng mamamayang lumalaban, makapaghasik ng kamandag at makapanabotahe at hadlangan ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Sa maraming pagkakataon, nagbabalat kayo silang nasa panig ng masa sa iba’t ibang mga usaping pambansa ngunit para lamang ilihis ang mga paglaban, pigilan ang pagsulong ng militante at samasamang pagkilos ng mamamayan at likhain ang ilusyon ng pagkakahati ng “progresibong” kilusan.

Walang pakikipagkaisa sa mga Contra

Sa pagsigaw ng “pagkakaisa”, tinatangka nilang papanghinain ang paninindigan ng Partido at ng mga rebolusyonaryo laban sa rebisyunismo at kontra-rebolusyon. Sa pagwagayway ng bandera ng “pagkakaisa”, inuudyok nilang ibaba ang Pulang bandila ng rebolusyon. Ngunit habang mahigpit na yakap ng Partido ang Marxismo-Leninismo-Maoismo, hindi ito malilinlang ng mga Contra.

Muling itinatag ang Partido noong 1968 sa pundasyon ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at pagtatakwil at puspusang paglaban sa rebisyunismo ng mga Lavaista. Naging ubod nang linaw ang kawastuan nito noong ►


dekada '70 nang ang mga Lava ay nauwi sa lantad na pakikipagsabwatan sa diktadurang Marcos at nang sumulong ang rebolusyonaryong pakikibaka sa pamumuno ng Partido. Muling naging malinaw sa negatibong paraan ang kawastuan nito nang nasadlak noong dekada '90 sa sunud-sunod na kabiguan at pag-atras ang rebolusyon matapos magluwag sa anti-rebisyunistang linya bilang saligang prinsipyo dahil sa walang-saysay na pagtatangkang makakuha ng suporta para sa rebolusyon mula sa rebisyunistang Unyong Sobyet. Nagawang lumaganap ang iba't ibang mga kaisipang rebisyunista (Gorbachovismo, anti-Stalinismo, anti-Maoismo, Trotskyismo atbp.) na pawang umatake at nagpahina sa panloob na rebolusyonaryong katatagan ng Partido.

Muling luminaw sa nakaraang pitong taon na upang pagtibayin ang pagkakaisa at lakas ng Partido, kailangan nitong itakwil at tuluy-tuloy na ilantad at labanan ang mga pwersang kontra-rebolusyonaryo—sa madaling salita, kinakailangan ng matalas na pag-iiba sa pagitan ng Marxismo-Leninismo at rebisyunismo. Buong-liwanag na inilalarawan ang kawastuan nito ng maniningning na tagumpay sa pagsusulong ng kilusang pagwawasto at ng mga rebolusyonaryong pakikibakang pinamumunuan ng PKP.

Habang sumusulong ang rebolusyon, lalong pag-iibayuhin ng mga Contra ang kanilang propaganda at pagsisikap para sa “pagkakaisa” upang malikha ang ilusyon ng “pagkakahiwalay” ng Partido at mang-udyok sa mga proletaryong rebolusyonaryo na bitiwang ang kanilang mga saligang prinsipyo. Kung gayon, kailangang lalong ilinaw ang kawastuan at ibayong pagtibayin ang patakaran ng walang pakikipagkaisa sa mga Contra. Panghawakang mahigpit ang patakarang ito: pinid ang pinto ng Partido sa lahat ng mga di nagsisisi at di nagpapanibagong-hubog na taksil sa rebolusyon. **AB**

Imperyalistang pananalakay sa Balkan Peninsula

Upang alisin ang lahat ng balakid sa pagtataguyod ng kapangyarihan nila sa Peninsula ng Balkan, inilunsad ng mga imperyalistang manunulsol ng digma, sa pangunguna ng United States, ang malawakang pagpapaulan ng mga bomba at *missile* sa bansang Yugoslavia at sa 10 milyong mamamayan nito simula noong huling linggo ng Marso. Bilyun-bilyong dolyar na



Ang Peninsula ng Balkan

ang nilustay ng US at ng mga kasabwat nito sa North Atlantic Treaty Organization o NATO (na kinabibilangan ng Germany, United Kingdom, France, Italy, Canada at iba pang bansa) upang paluhurin ang gubyernong Yugoslav at pwersahang ipasok ang mga imperyalistang tropang mananakop.

Ang mga *missile* at bombang ibinabagsak ng NATO sa pangunguna ng US ay pumupuntirya di lamang sa makinarya at istrukturang militar ng Yugoslavia, kundi pati sa mga imprastrukturang sibilyan sa loob ng bansa, laluna sa Belgrade, ang punong lunsod nito. Tinarget din ang mga estratehikong industriya at plantang pang-enerhiya nito bago ipinataw ang blokeyong ekonomiko laban sa Yugoslavia.

Bunga ng imperyalistang pambobomba, daan-daan libong mamamayan ng Kosovo, isang prubinsya ng Yugoslavia, ang napalikas mula sa kanilang mga bayan. Daan-daang mga Serb at Kosovar na rin ang pinatay ng mga bomba at *missile* ng US at NATO.

Ang Peninsula ng Balkan

Ang Peninsula ng Balkan ay matatagpuan sa katimugang bahagi ng Europa. Binubuo ito ng mga bansang Slovenia, Croatia, Bosnia-Herzegovina, Macedonia, ng Federal Republic of Yugoslavia (na kinabibilangan ng Serbia at Montenegro), Albania, Greece, Romania,

Bulgaria, at bahagi ng Turkey na nasa Europa. Nasa kanluran nito ang Dagat Adriatico; nasa timog naman ang Dagat Mediterranean at nasa silangan ang Dagat Aegean at ang Black Sea.

Ang pagkontrol sa Peninsula ng Balkan ay isang estratehikong usapin para sa mga imperyalista. Sa rehiyon ng Balkan nagtatagpo ang Asya at Europa. Tumatagos dito ang tanging ruta sa lupa mula sa Black Sea at Dagat Caspian patungo sa Dagat Mediterranean na nagsisilbing ruta sa dagat para sa mga kalakal patungo sa ibang bahagi ng Europa o Hilagang Amerika. Pinag-aagawan din ng mga imperyalista ang kontrol sa Black Sea at Dagat Caspian dahil sa mayayamang deposito ng langis na matatagpuan dito.

Para sa alinmang imperyalistang kapangyarihan, estratehiko rin ang Peninsula ng Balkan para sa epektibo at mabilis na pagdedeploy ng mga pwersang panalakay sa Gitnang Silangan, sa Gitnang Asya kabilang na ang Rusya, sa kalakhan ng Europa at maging sa Aprika.

Sa loob ng ilang dantaon, pinag-agawan ng iba't ibang mga imperyalistang kapangyarihan sa Europa ang Peninsula ng Balkan. Sa kasalukuyan, ang Germany at ang United States ang pinakainteresadong kumontrol dito. Ang pagpapailalim ng peninsula sa kontrol ng imperyalistang Germany ay magbubukas para sa huli ng pinakamaiksing ruta patungo sa Gitnang Silangan at sa yamang-langis na naroroon. May partikular na interes din ang US na kontrolin ang mga bansa sa rehiyon ng Balkan upang madugtungan ang serye ng mga base militar ng US mula sa Gitnang Silangan (Kuwait at Saudi Arabia), Turkey, Italy at Greece patungo sa puso ng kontinenteng Europa na nasa ilalim pangunahin ng imperyalistang Germany.

Ngunit di basta napayuyuko ang mamamayan sa Peninsula ng Balkan sa harap ng imperyalistang pananalakay. Mayaman ang kanilang kasaysayan ng rebolusyonaryong paglaban para sa paglaya. Ang karamihan ng mga bansa sa Balkan ay ibinunga ng paglaban para sa pagpapalaya mula sa imperyong Ottoman noong huling bahagi ng ika-19 na siglo. Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, pinalayas ng mga mandirigmang gerilya at partisano sa Yugoslavia at Albania ang daan-daan libong mga imperyalistang tropang mananalakay sa pangunguna ng Germany at Italy. Sa batayan ng tagumpay na ito naitaguyod ang malayang demokratikong gubyerno ng

bayan sa Yugoslavia at Albania. Itinatag noong 1945 ang Federal Republic of Yugoslavia na kinabibilangan ng mga bansang Slovenia, Bosnia-Herzegovina, Croatia, Serbia, Montenegro at Macedonia.

Gayunpaman, mula noong dekada '50, sa ilalim ng taksil na si Josep Broz Tito, ang Yugoslavia ay naging rebisyunista at nanumbalik dito ang kapitalismo. Itinali ni Tito ang ekonomya ng bansa sa pandaigdigang sistemang kapitalista at binigyan ng buong layang makapasok dito at makapaghari ang imperyalismo, laluna ang imperyalismong US.

Imperyalistang panghihimasok sa dekada '90

Itinulak ng imperyalismong US at Germany ang paghihiwa-hiwalay ng pederasyon ng Yugoslavia upang hati-hatiin ang mamamayan at madaling paluhurin ang rehiyon ng Balkan sa mga dikta at interes ng mga imperyalista. Kasabwat ng dalawang imperyalistang

kapangyarihan, sinulsulan ng mga lokal na reaksyunaryong lider ang pag-usbong ng reaksyunaryong tipo ng nasyunalismo, etnisismo at tunggalian sa relihiyon. Ginatungan nila ang apoy ng pasismo. Nagpataw ng blokeyo sa ekonomya upang sumabog mula sa loob ang Yugoslavia.

Simula noong 1990, aktibong sinulsulan, pinondohan at inarman ng imperyalismong US at Germany ang mga lokal na reaksyunaryong uring Slovo, Bosnian, Croat, Macedonian at iba pa upang mag-aklas, kumalas at labanan ang Serbia. Sinakmal ng lumpen burgesya at mga sindikatong kriminal ang pamunuan ng burukrasya at militar at ginamit ang makinarya ng estado upang linlangin ang mga mamamayan at mang-upat ng tunggaliang etniko.

Nagbunga ito ng mababangis na digmaang etniko na kumutil sa daan-daan libong buhay at nagdulot ng grabeng pinsala sa Croatia (1991-92) at Bosnia-Herzegovina (1992-95). Milyun-milyon ding mamamayan mula sa iba't ibang grupong etniko at panrelihiyon ang napalikas sa kanilang mga bayan at kabuhayan. Isa-isang nagdeklara ng awtonomya ang mga bansang dating bumubuo sa pederasyon hanggang sa tanging Serbia at Montenegro na lamang ang nalabi sa dating pederasyon ng Yugoslavia.

Nasa interes ng imperyalismo na maghiwa-hiwalay ang Yugoslavia upang mapawi ang dominasyon ng Serbia sa Peninsula ng Balkan. Habang matagal na nakikipagsabwatan sa imperyalismo, isinusulong ng reaksyunaryong burges na Serb ang kanilang ultra-



nasyunal na interes laban sa ibang grupong etniko sa Balkan. Palagiang nakonsentra sa Belgrade ang produksyong industriyal habang ang ibang bansa sa dating Yugoslavia ay pinanatiling atrasado at nakaasa sa mga kalakal ng Serbia. Upang pangalagaan ang interes nito sa Balkan, ang reaksyunaryong uring Serb ay tumitindig laban sa imperyalistang panghihimasok sa rehiyon.

Sa pamamagitan ng mga digmaang etnikong kanilang sinulsulan, pinahina ng imperyalismong US at Germany ang dominasyon ng Serbia. Isinangkalan ng US ang usapin ng “karapatang-tao at kapayapaan” upang bigyang-matwid ang direktang pakikialam nito sa digmaan sa Croatia at Bosnia-Herzegovina. Sa ngalan ng “pangangalaga sa kapayapaan”, binomba ng US ang mga pwersang Serb at isinalaksak ang Kasunduang Dayton¹ na naging daan upang ipwesto ng US at Germany noong 1995 ang 35,000 tropa nito sa loob ng Bosnia-Herzegovina na kanugnog lamang ng Yugoslavia.

Ginatungan naman ng imperyalismo mula noong 1997 ang nasyunalismong Albanian ng mga mamamayan sa Kosovo, isang prubinsya sa timog ng Serbia sa hangganan ng Macedonia at Albania. Kaiba sa kalakhang bahagi ng Serbia, mayorya ng naninirahan sa Kosovo ay mga etnikong Albanian.

Ginagamit ng US at Germany ang lehitimong interes ng mamamayang Kosovo laban sa dominasyong Serb upang palabasing nararapat ang pagpapaulan nito ng mga bomba at *missile* sa Yugoslavia. Lihim na pinopondohan, inaarmasan at sinasanay ng dalawang imperyalistang kapangyarihan ang Kosovo Liberation Army (KLA o Hukbong Mapagpalaya ng Kosovo). Binubuyo ang KLA na paigtingin ang tunggaliang etniko sa Kosovo at patindihin ang panloob na krisis sa Yugoslavia.

Matapos na pasiklabin ang kaguluhan sa Kosovo, nais ng US at NATO na ipailalim ang Kosovo sa “proteksyon” ng US at ihiwalay ito sa Yugoslavia.

¹ Binraso ng US ang mga reaksyunaryong pinuno ng mga ultra-nasyunalistang grupong Serb, Bosnian at Croat sa Dayton, Ohio sa US na pirmahan ang kasunduang pangkapayapaan noong Nobyembre 1995. Inilinaw sa kasunduang ito ang paghahati ng teritoryo ng Bosnia-Herzegovina sa pagitan ng mga mayor na etnikong grupo roon. Itinakda ng Kasunduang Dayton ang pagpasok ng tropa ng NATO sa Bosnia-Herzegovina upang tiyakin umano ang pagsunod sa kasunduan.

Pinagtubuan ang digma

Ang isa sa mga pangunahing nakikinabang sa pananalakay sa Yugoslavia ay ang malaking negosyong militar-industriyal. Sa mga unang linggo pa lamang ng pananalakay sa Yugoslavia, umakyat nang 17% ang presyo ng *stocks* ng Raytheon Co., 12% sa Boeing Co. at 8% sa Lockheed Martin Corporation, pawang mga nagmamanupaktura ng mga kagamitan at eroplanong pandigma. Nakatakdang gumastos pa ang gubyernong US ng \$6.05 bilyon para sa kanilang pananalakay sa Yugoslavia at kalakhan nito'y ipambibili ng dagdag pang mga sandata at gamit pandigma. Sa kabuuang ito, humigit-kumulang \$420 milyon ang mapupunta sa Raytheon Co.

Ihinahanda na ang pakete ng pagpapautang ala Marshall Plan para sa “rehabilitasyon” ng ekonomya ng Kosovo sa ilalim ng imperyalismong US.

Ang ngayo'y mahigit nang limang linggong pambobomba sa Yugoslavia ay naglalayong pabagsakin ang ultra-nasyunalista at pasistang gubyernong Serb ni Slobodan Milosević, pilayin ang gulugod ng oposisyon sa imperyalistang dominasyon sa rehiyon ng Balkan at ipwesto ang mga imperyalistang tropa sa loob ng Kosovo at Yugoslavia. **AB**



Itigil ang digmang pananalakay ng U.S. at NATO

Marso 26, 1999

Mariing tinutuligsa ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas ang digmang pananalakay ng imperyalismong US at ng mga alyado nito sa North Atlantic Treaty Organization (NATO) laban sa malayang mamamayan at bansa ng Yugoslavia.

Sagad ang kabuktutan ng US at ng mga kaalyado nitong imperyalista sa pagnanasa nilang magpasok ng mga dayong pwersang panakop sa Yugoslavia upang lalong pagwatak-watakin ang bansang ito at, matapos na tanggihan ng huli na papasukin ang gayong mga pwersang panakop, sa pagsasagawa ng duwag na pambobomba ng Yugoslavia.

Isinasangkalan lamang ang “pagkamakatao” para maipatupad ang imperyalistang pananalakay. Nagpapahiwatig ito sa simula ng huwad na simpatya para sa mamamayang Albanian sa Kosovo ngunit layunin nitong magtulak ng hegemonismo, na itodo-larga ang imperyalistang barbarismo at biktimahin ang mamamayan ng Yugoslavia, kabilang na ang mamamayang Albanian sa Kosovo.

Di hamak na mas marami pang mamamayan ang napupwersang lumikas dulot ng mga *airstrike* (paghuhulog ng mga *missile* at bomba) ng United States at ng mga alyado nito sa NATO kumpara sa dami ng napalikas bunga ng dating labanan sa pagitan ng hukbo ng Yugoslavia at ng Kosovo Liberation Army. Kayat lumilikha ng higit na mas malaking kapahamakan sa mamamayan ang mga *airstrike* kung ihahambing sa nais umanong iwasan ni Clinton at ng kanyang mga kaalyado. Inaamin mismo ng mga upisyal ng US at NATO na imposibleng maiwasan ang tinatawag lamang nilang *collateral damage* o “kaakibat na pinsala”, na katunaya’y kaswalidad sa mga sibilyan.

Ang huwad na pagkamakatao ay tunay na hegemonismo ng mga imperyalistang mananalakay. Hindi nito layuning tulungan ang sinumang mamamayan, kundi ang sila’y salantain, paglaban-labanin at kubabawan sa pamamagitan ng taktikang manghati-at-maghari.

Pangunahing nakatuon ang imperyalistang “planong pangkapayapaan” ng Rambouillet* sa pagpasok ng mga pwersang panakop sa ngalan ng “pangangalaga sa kapayapaan” sa Kosovo upang lalong pagwatak-watakin ang Yugoslavia sa pamamagitan ng mga pwersang imperyalista at mga papet nito. Layuning itatag ang isang “malayang” Kosovo upang magsilbi itong isa pang base ng imperyalismong US sa estratehikong rehiyon ng mga

Balkan. Libu-libo na ngayon ang tropang Amerikano sa Bosnia at ilang libo pa ang nasa Macedonia.

Kasabay nito, patuloy na inuudyok at sinasamantala ng imperyalismong Germany ang mga kaguluhan sa dati at kasalukuyang Yugoslavia upang buhayang muli ang militarismong German, makapwesto sa Peninsula ng Balkan sa pamamagitan ng mga tropang German sa Bosnia at gumamit ng mga eroplanong German upang mambomba. Nanumbalik na ang mga lokal na pwersa ng pasismo sa dating Yugoslavia at sa kabuuan ng rehiyon ng Balkan.

Malaon na nating kinikilala ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng mga bansa at dahil dito’y malaon na nating ipinamamalas ang ating simpatya sa mamamayang Albanian sa Kosovo. Ngunit di natin maaaring suportahan ang anumang reaksyunaryong pwersang ginagamit lamang ng imperyalismong US at Europeo at nakasalalay sa suportang imperyalista at kagamitang militar mula sa mga base ng US sa Macedonia at sa reaksyunaryong grupo ni Sali Berisha sa Albania.

Dapat itigil ng mga pwersa ng US at NATO ang kanilang brutal na pambobomba at ibasura ang iskema nilang magtalaga ng mga dayong tropa sa Kosovo at Yugoslavia. Kinakailangang magkaisa ang mamamayan sa Yugoslavia, Kosovo at sa kabuuan ng rehiyon ng Balkan upang ipaglaban ang kanilang pambansang kasarinlan at gapiin ang mga dayong mananalakay tulad ng ginawa nila laban sa mga pasista noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kinakailangang isulong ng mga rebolusyonaryo ang sariling linyang rebolusyonaryo upang pukawin, organisahin at pakilusun ang mamamayan. Sa gayon, tiyak nilang tatamasain ang malawak at walang-maliw na suporta ng mamamayan ng buong daigdig.

**Komite Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas**

**Pambansang Konseho
Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas**

* Ang “planong pangkapayapaan” ng Rambouillet ay binuo nitong Pebrero 1999 sa ilalim ng direksyon ng US. Itinatakda nito ang pag-aalis ng mga tropa ng Yugoslavia mula sa Kosovo at pagbibigay ng awtonomya rito. Itinatakda rin nito ang pagpupwesto ng mga tropa ng US at NATO doon upang tiyakin ang pagsasakatuparan ng kasunduan.

**MATATAGUMPAY NA OPENSIBA,
INILUNSAD NGAYONG ABRIL**

Isang upisyal ng Philippine Army ang napaslang at 16 na matataas na kalibreng armas ang nasamsam sa dalawang magkahiwalay na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ngayong Abril.

Nasawi si 2Tin. Joel D. Pacis nang tambangan ng isang platoon ng BHB ang “Bravo” coy ng 48th IB noong umaga ng Abril 25 sa Balbalan, Kalinga-Apayao. Si Pacis, isang gradweyt ng Philippine Military Academy, ang isa sa mga namumuno sa naturang yunit. Dalawang sundalo rin ang nasugatan sa ambus.

Samantala, isang walang-putok na reyde ang matagumpay na inilunsad ng BHB noong Abril 16 sa isang detachment ng Citizens Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) sa Mungkayo, Compostela Valley. Hindi na nakalaban ang mga elemento ng CAFGU. Bagkus, isinuko nila sa mga Pulang mandirigma ang isang dosenang M14, tatlong Garan, isang M16 at isang radyo.

**ERAP: HARING PASISTA, GANGSTER,
PATRIARKO—MAKIBAKA**

Tinuligsa ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) si Joseph Estrada bilang “haring pasista, gangster at patriarko”. Sa pahayag nito sa okasyon ng

Pandaigdigang Araw ng Kababaihan Anakpawis nitong Marso 8, kinundena ng rebolusyonaryong organisasyong masa ng kababaihan ang pang-uuto at paghahambog na ginagawa ni Estrada sa masang Pilipino upang mapasang-ayon ang huli sa Visiting Forces Agreement; sa pagtatanggal ng anupamang natitirang restriksyon sa konstitusyon laban sa dayuhang negosyo; sa pagbabalik sa kapangyarihan ng mga Marcos at mga kroni nila; sa pagbabalik sa pwesto ng mga berdugong lumabag sa karapatang-tao; at sa mabilis na pagbabalik ng mga proseso at institusyon ng diktadura. Anang MAKIBAKA, walang ibang nais ang patriarkong si Estrada kundi gawing “kusang-loob na alipin” ang mamamayan, katulad ng ginagawa niya sa kababaihan.

Binatikos din ng MAKIBAKA bilang “haring pasista” si Estrada dahil sa pagmamatigas nito sa usapang pangkapayapaan sa NDF samantalang binobomba pati ang kababaihan at mga bata sa isang todong gera sa kanayunan ng Luzon, Kabisayaan at Mindanao.

Si Estrada na rin mismo ang lumilikha ng kalagayan para daan-daang kababaihan bawat araw ang magpasyang lumahok sa rebolusyonaryong kilusan, ayon sa MAKIBAKA. Inihayag pa nito na dumaraming kababaihan ang namumulat sa katotohanang nasa interes nila na wasakin ang lantarang pyudal at patriyarkal na rehimeng Estrada sa pamamagitan ng puspusang pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

**MGA KARAPATAN NI JELYN DAYONG,
PATULOY NA NILALABAG NG GRP**

Patuloy na nilalabag ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) ang mga karapatan ni Kasamang Jelyn Dayong. Iniwang sugatan ng mga militar si Dayong, 17, matapos isagawa ang ambus sa yunit na kinabibilangan ng huli. Naganap ito noong Pebrero 16 sa Alegria, Surigao del Norte. Walang inilapat na pangangalagang medikal ang mga militar na dapat matamasa ni Dayong bilang *hors d' combat* sa naturang pananambang. Sa halip, kinunan lamang siya ng retrato upang gamiting propaganda ng militar.

Matapos siyang dalhin ng mga taumbaryo sa ospital, inaresto ng mga militar si Dayong at malisyosong ipinangalandakan sa masmidya na sila ang nagdala sa kanya sa pagamutan.

Sa kabila ng pagpapahayag ni Dayong ng kagustuhang makasama muli ang kanyang pamilya, ibinilanggo siya ng rehimen. Sa kasalukuyan, mahigpit na ginugwardyahan si Dayong ng mga militar habang siya’y ibinibimbin ng Department of Social Welfare and Development (DSWD). Tinatakot at hinaharap ang pamilyang Dayong at ang mga personahe ng mga organisasyon sa karapatang-tao na tumutulong at nakikipaglaban para sa kanyang paglaya.

Katulong ng militar ang DSWD sa pagtatakda ng limitadong dalaw sa pamilya at sa pagkakait ng serbisyo ng mga organisasyon sa karapatang-tao.

Nitong Abril 19, isang demonstrasyon ang inilunsad ng mga militanteng organisasyon, kasama ang pamilyang Dayong, upang kundenahin ang patuloy na paglabag ng GRP sa mga karapatan ng biktima.

Samantala, iginigiit ng NDFP ang kagyat na pagpapalaya kay Dayong at iba pang detenidong pulitikal alinsunod sa obligasyon ng GRP sa Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa Karapatang-tao at sa Internasyunal na Makataong Batas o CARHRIHL. Sa isang pahayag nitong Abril 13, sinabi ni Luis Jalandoni, tagapangulo ng *negotiating panel* ng NDFP, na kailangang kagyat na palayain si Dayong upang muli niyang makasama ang kanyang pamilya, kamag-anak at mga kaibigan. Dagdag pa niya: “Hindi siya malaya habang pinananatili siyang nasa pangangalaga ng DSWD.”

Si Jelyn Dayong ay isang *medic* na nakatalaga sa isang Sandatahang Yunit Pampropaganda ng BHB. Siya ay galing sa tribung Mamanwa, isa sa pinakaaping tribu na naninirahan sa kabundukan ng Hilagang Mindanao.